

Noli Me Tangere Buod ng Bawat Kabanata (1-64 with Talasalitaan)



Ang *Noli Me Tangere* ay salitang Latin na ang ibig sabihin sa wikang Inges ay *Touch Me Not* o *Huwag Mo Akong Salingin* sa Filipino. Ito ay hango sa Ebanghelyo ni Juan at isinulat ni [Dr. Jose P. Rizal](#) noong 1884 sa Madrid habang siya ay nag-aaral ng Medisina. Nang makatapos ng pag-aaral ay nagtungo sa Paris si Rizal at doon ipinagpatuloy ang pagsusulat ng *Noli Me Tangere*. Sa Berlin na niya natapos ang huling bahagi ng nobela.

Ilan sa mga kilalang [tauhan ng Noli Me Tangere](#) ay sina Crisostomo Ibarra, Kapitan Tiyago, Tinyente Guevarra, Padre Damaso, Sisa, Basilio at Crispin, Maria Clara at marami pang iba.

Sa ibaba mababasa ninyo ang aming bersyon ng *Noli Me Tangere* buod ng bawat kabanata pati na rin ang mga talasalitaan na ginamit sa nobela. Kung

hanap mo naman ay buod ng buong kwento, bisitahin ang [Noli Me Tangere Buod ng Buong Kwento](#).

SEE ALSO: [El Filibusterismo Buod ng Bawat Kabanata \(1-39 with Talasalitaan + PDF\)](#)

Hangad namin na makatulong sa inyo ang mga buod na ito. 😊

Noli Me Tangere Buod ng Bawat Kabanata at mga Talasalitaan

- [Kabanata 1 – Ang Pagtitipon](#)
- [Kabanata 2 – Si Crisostomo Ibarra](#)
- [Kabanata 3 – Ang Hapunan](#)
- [Kabanata 4 – Erehe at Pilibustero](#)
- [Kabanata 5 – Isang Tala sa Gabing Madilim](#)
- [Kabanata 6 – Si Kapitan Tiyago](#)
- [Kabanata 7 – Suyuan sa Asotea](#)
- [Kabanata 8 – Mga Alaala](#)
- [Kabanata 9 – Mga Suliranin Tungkol sa Bayan](#)
- [Kabanata 10 – Ang San Diego](#)
- [Kabanata 11 – Ang mga Makapangyarihan](#)
- [Kabanata 12 – Araw ng mga Patay](#)
- [Kabanata 13 – Mga Babala ng Bagyo](#)
- [Kabanata 14 – Si Tasyo, ang Baliw o ang Pilosopo](#)
- [Kabanata 15 – Ang mga Sakristan](#)
- [Kabanata 16 – Si Sisa](#)
- [Kabanata 17 – Si Basilio](#)
- [Kabanata 18 – Mga Kaluluwang Naghihirap](#)
- [Kabanata 19 – Mga Suliranin ng Isang Guro](#)
- [Kabanata 20 – Ang Pulong sa Tribunal](#)
- [Kabanata 21 – Mga Pagdurusa ni Sisa](#)
- [Kabanata 22 – Liwanag at Dilim](#)
- [Kabanata 23 – Ang Piknik](#)
- [Kabanata 24 – Sa Kagubatan](#)
- [Kabanata 25 – Sa Tahanan ng Pilosopo](#)
- [Kabanata 26 – Ang Bisperas ng Pista](#)
- [Kabanata 27 – Sa Pagtatakipsilim](#)
- [Kabanata 28 – Sulatan](#)

- Kabanata 29 – Ang Kapistahan
- Kabanata 30 – Sa Simbahan
- Kabanata 31 – Ang Sermon
- Kabanata 32 – Ang Panghugos
- Kabanata 33 – Malayang Kaisipan
- Kabanata 34 – Ang Pananghalian
- Kabanata 35 – Mga Usap-usapan
- Kabanata 36 – Ang Unang Suliranin
- Kabanata 37 – Ang Kapitan Heneral
- Kabanata 38 – Ang Prusisyon
- Kabanata 39 – Si Donya Consolacion
- Kabanata 40 – Ang Karapatan at Lakas
- Kabanata 41 – Dalawang Panauhin
- Kabanata 42 – Ang Mag-asawang De Espadaña
- Kabanata 43 – Mga Balak o Panukala
- Kabanata 44 – Pagsusuri ng Budhi
- Kabanata 45 – Ang mga Pinag-uusig
- Kabanata 46 – Ang Sabungan
- Kabanata 47 – Ang Dalawang Senyora
- Kabanata 48 – Ang Talinghaga
- Kabanata 49 – Ang Tinig ng mga Pinag-uusig
- Kabanata 50 – Ang mga Kaanak ni Elias
- Kabanata 51 – Mga Pagbabago
- Kabanata 52 – Ang Baraha ng Patay at ang mga Anino
- Kabanata 53 – Ang Mabuting Araw ay Nakikilala sa Umaga
- Kabanata 54 – Lahat ng Lihim ay Nabubunyag at Walang Di Nagkakamit ng Parusa
- Kabanata 55 – Ang Pagkakagulo
- Kabanata 56 – Ang mga Sabi at Kuro-kuro
- Kabanata 57 – Vae Victus! Sa Aba ng mga Manlulupig
- Kabanata 58 – Ang Sinumpa
- Kabanata 59 – Pag-ibig sa Bayan
- Kabanata 60 – Ikakasal na si Maria Clara
- Kabanata 61 – Ang Barilan sa Lawa
- Kabanata 62 – Ang Pagtatapat ni Padre Damaso
- Kabanata 63 – Ang Noche Buena
- Kabanata 64 – Katapusan

Kabanata 1 – Ang Pagtitipon

Sa gabing iyon ay nakatak dang ganapin ang marangyang handaan sa bahay ni Don Santiago Delos Santos o mas kilala bilang si Kapitan Tiyago upang magsilbing salubong sa isang binatang kagagaling lamang sa Europa. Hindi naman iba sa Kapitan ang binata dahil ito ay anak ng kanyang matalik na kaibigan.

Ang bahay ni Kapitan Tiyago na mayatagpuan sa kalye Anluwage ay napuno ng mga bisita. Isang malaking karangalan ang maging panauhin ng Kapitan. Si Kapitan Tiyago ay kilala sa pagiging matulungin sa mga mahihirap at nabibilang sa mataas na lipunan.

Ang pinsan ng Kapitan na si Tiya Isabel ang taga-istima ng mga bisita at ang mga panauhing babae at lalake ay sadyang magkakahiwalay. Nagpahuli namang dumating ang ibang mga panauhin kabilang na ang magkabayak na sina Dr. de Espadaña at Donya Victorina. Hindi naman nagpahuli sa mga panauhin ng Kapitan ang kinatawan ng simbahan sa pangunguna nina Padre Sibyla, ang kura paroko ng Binundok; Si Padre Damaso na sadyang magaslaw kung kumilos at magsalita; dalawang paisano; at si Tinyente Guevarra, ang tenyente ng gwardya sibil.

Ang bawat grupo sa mga panauhin ay may kanya-kanyang paksa upang ilabas ang kani-kanilang saloobin, makipag-tagisan ng kuro-kuro, at humanap ng papuri. Ilan sa mga napag-usapan ay ang mga Indio o ang mga Pilipino; ang pagkakaalis ni Padre Damaso sa Parokya ng San Diego kahit na matagal itong nagsisilbi doon; ang monopolyo ng tabako, mga pulbura at armas at marami pang iba.

Sa naturang pagtitipon ay hindi pinalagpas ni Padre Damaso na ihayag ang kanyang pangungutya sa mga Indio. Ang mga ito raw ay hamak at mabababang uri ng nilalang.

Samantala, gumawa naman ng paraan si Padre Sibyla upang maiba ang usapan at dito ay pinasok niya pagkakatanggal ni Padre Damaso bilang kura paroko sa loob ng dalawampung taon.

Ang paliwanag ni Padre Damaso ay hindi raw nararapat makialam ang hari ng Espanya sa pagpaparusa sa mga erehe. Tinutulan naman ng Tinyente ang sinabi ng pari at inilahad na ang parusa ay nararapat lamang raw sa pananaw ng Kapitan Heneral.

Ipinaliwanag din ng Tinyente na kaya nilipat si Padre Damaso ay dahil sa pinahukay nito ang bangkay ng isang marangal na lalaki na pinagbintangang erehe dahil lamang sa hindi pangungumpisal.

Dahil dito ay nagalit si Padre Damaso lalo na nang maalala niya ang tungkol sa mga nawalang mahahalagang kasulatan. Namagitan muli si Padre Sibyla upang pakalmahin si Padre Damaso.

Kalauna'y lumawak muli ang talakayan sa pagtitipon.

Talasalitaan:

- **Bantog** – kilala
- **Bukas-palad** – matulungin
- **Garil** – utal magsalita
- **Hindi magkamayaw** – hindi mapatahimik
- **Kalansing** -tunog
- **Katiwasayan** – katahimikan
- **Makihalubilo** – makitungo
- **Maluho** – magastos
- **Mapangahas** – malakas ang loob
- **Napapanganyaya** – napapasama
- **Piging** – pagtitipon
- **Pulutong** – karamihan o pangkat ng mga tao
- **Walang habas** – walang galang
- **Walang pakundangan** – padalus-dalos
- **Walang turing** – walang utang na loob

Kabanata 2 – Si Crisostomo Ibarra

Sa pagdating ni Kapitan Tiyago kasabay ng isang binata na halatang nagluluksa ayon sa kasuotan nito, agad niyang binati ang mga panauhin at humalik naman sa kamay ng mga pari.

Nabigla ang mga pari lalo na si Padre Damaso ng makilala nito na ang binata. Ipinakilala ng Kapitan ang binata bilang anak ng kanyang nasirang kaibigan na si Don Rafael Ibarra. Pitong taon diumanong nag-aral ang kagalang-galang na binata sa Europa na kadarating lamang.

Kusa namang nagpakilala si Ibarra bilang Juan Crisostomo Ibarra y Magsalin kasabay ng pakikipag-kamay nito, isang kaugaliang natutunan niya sa bansang Alemanya.

Ngunit tumangging makipag-kamay si Padre Damaso at sa halip ay tinalikuran nito si Ibarra.

Samantala, lumapit naman ang Tinyente kay Ibarra at nagpasalamat sa ligtas niyang pagdating. Pinuri rin niya ang kabaitan ng ama ni Ibarra na siya namang nagpanatag sa kalooban ng binata.

Palihim na tiningnan ni Padre Damaso ang Tinyente na tila ba nagbabanta kaya naman tinapos na ng Tinyente ang pakikipag-usap nito kay Ibarra.

Nang malapit ng maghapunan ay inanyayahan naman ni Kapitan Tinong si Ibarra sa pananghalian kinabukasan ngunit magalang na tumanggi ang binata dahil papunta daw ito sa San Diego sa araw na iyon. Si Kapitan Tinong ay malapit na kaibigan ni Kapitan Tiyago at kaibigan din ng ama ni Ibarra.

Talasalitaan:

- **Magara** – maluhó
- **Makisalo** – makilahók
- **Nabaling** – napaling
- **Nagmamasid** – nagmamatyag
- **Nagsipagbansag** – nagpakilala
- **Nagulumihanan** – naguluhan
- **Nakaluksa** – nakaitim
- **Napatigagal** -natigilan
- **Napawi** – nawala
- **Natigilan** – natahimik
- **Pumaparam** – pumapawi

Kabanata 3 – Ang Hapunan

Sa hapag-kainan, ang mga panauhin ay may kanya-kanyang kilos at nadarama na kung panonorin ay parang isang komedya.

Si Padre Sibyla na nasisiyahan ay kabaligtaran naman ni Padre Damaso na walang pakundangan kung makapagdabog at natamaan pa ang isang kadete.

Ito naman ay hindi pinansin ng Tinyente, sa halip ay masusi nitong pinagmasdan ang kulot na buhok ni Donya Victorina. Hindi niya namalayan na natapakan na niya ang kola ng saya ng Donya na ikinainis naman nito.

Samantala, ang ibang mga bisita naman ay may kanya-kanyang usapan at papuri sa masarap na handa ng Kapitan.

Dahil sa ang hapunan ay para sa pagsalubong sa binatang si Ibarra, karapat-dapat naman na siya ay maupo sa kabisera. Ang dalawang pari naman ay nagtalo kung sino ang dapat maupo sa kabilang dulo ng kabisera.

Ani Padre Damaso, si Padre Sibyla ang dapat maupo sa dulo ng kabisera dahil siya ang kura sa lugar na iyon. Bagay naman na sinalungat ni Padre Sybila dahil ayon sa kanya, si Padre Damaso ang padre kumpesor ng pamilya ni Kapitan Tiyago.

Sa kalaunan, inalok ni Padre Sybila ang upuan sa Tinyente na agad naman nitong tinanggihan. Tumanggi rin si Kapitan Tiyago ng siya namang inanyayahan ni Ibarra.

Nang ihain ang pagkain ay 'di sinasadyang mapunta ang hindi masasarap na bahagi ng manok kay Padre Damaso. Lalo itong nag-alburoto dahil mga leeg at pakpak ang laman ng kanyang tinola. Lingid sa kaalaman ng pari, ang espesyal na tinola ay para lamang kay Ibarra.

Sa kainan ay nagbahagi ng kanyang buhay ang binata tulad ng pag-aaral nito sa Europa ng pitong taon, ang pagpunta niya sa iba't ibang bansa at pag-aaral niya ng kasaysayan, ang pagsasalita ng iba't ibang wika, ang 'di nito paglimot sa kanyang bayan sa kabila ng kaunlarang namasdan sa ibang bansa, maging ang hindi pagkaka-alam sa tunay na dahilan na nangyari sa kanyang ama.

Dahil dito, nakumpirma ang hinala ng Tinyente na wala ngang alam ang binata sa nangyari sa ama nito.

Naikwento rin ni Ibarra na sa kanyang mga bansang napuntahan, iisang antas lamang ang kabuhayan, pulitika at relihiyong tinatamasa doon. Ito ay sa kadahilanang pinahihintulutan ito ng sarili nilang kalayaan at kakayanang pamahalaan ang kanilang sariling bansa.

Agad namang binatikos at ininsulto ni Padre Damaso ang binata na ayon sa kanya ay kahit paslit ay kaya itong matutunan. Dagdag pa ng pari, ang

pagpunta diumano ni Ibarra sa Europa ay maliwanag na pag-aksaya ng salapi.

Magalang na tinanggap ni Ibarra ang sinabi ng pari. Binanggit na lamang ng binata ang mga ala-ala niya tungkol kay Padre Damaso na ayon sa kanya ay karaniwan nang kasalo sa kanilang hapag-kainan at malapit din na kaibigan ng kanyang ama.

Hindi na nakakibo ang pari dahil sa mga naging kaganapan sa pagitan nila ng ama ni Ibarra.

Samantala, matapos ang pagtitipon ay maagang nagpaalam si Ibarra kaya't hindi sila nagkita ni Maria Clara, anak na dalaga ni Kapitan Tiyago. Nagpatuloy pa rin sa pag-alipusta si Padre Damaso kay Ibarra.

Ang obserbasyon ng binata noong gabing iyon ay kanya namang isinulat sa pahayagan ng Estudios Coloniales.

Talasalitaan:

- **Kabisera** – panguluhan
- **Kabisote** – magpasaulo ng nagbabasa
- **Kapalaluan** – kayabangan
- **Maluwalhati** – maligaya
- **Naibulalas** – nasambit
- **Nasasalamin** – nakikita
- **Pabalat-bunga** – nabanggit
- **Pautal-utal** – paputol-putol
- **Tumungga** – uminom

Kabanata 4 – Erehe at Pilibustero

Sa plasa ng Binondo ay nagpalakad-lakad si Ibarra at napansin nito na wala man lang pinagbago ang kanyang bayan sa kabila ng matagal na panahon niyang pangigingbang-bansa. Tila wala man lang ipinag-unlad ang bayang iyon.

Habang naglalakad ay palaisipan pa rin kay Ibarra ang sinapit ng ama. Sinundan naman siya ni Tinyente upang kwentuhan ng tungkol sa kanyang ama.

Si Don Rafael na ama ng binata ay isa sa pinakamayaman sa bayan ng San Diego. Siya ay matulungin at marami ang nagmamahal sa kanya.

Sa kabila ng pagiging mabait ay marami din umano ang naiinggit dito. Kabilang na diyan ang mga pari sa simbahan sa pangunguna ni Padre Damaso. Dahil dito, minabuti diumano ni Don Rafael na hindi mangumpisal, bagay na lalong ikinagalit ng mga pari.

May isang Kastila noon na walang kaalam-alam, palaboy, at pinagkakatuwaan ng lahat na hinirang ni Don Rafael bilang isang kolektor.

Isang araw ay 'di nakapagpigil ang kolektor sa mga batang nagtatawa sa kanya kaya naman inakma niyang saktan ang mga ito.

Tumakbo ng mabilis ang mga bata ng nang hindi niya maabutan ay ibinalibag niya ang baton at may tinamaang isa.

Natumba ang bata at walang awang pinagsisipa ng artilyero. Nakita ito ni Don Rafael kaya inawat niya ito.

Ayon sa mga sabi-sabi, sinaktan diumano ng Don ang Kastila hanggang sa tumama ang ulo nito sa malaking bato.

Natulungan ni Don Rafael ang binata samantalang ang Kastila ay sumuka ng dugo hanggang sa natuluyang mamatay.

Dahil sa pangayayaring iyon ay nagkaroon ng imbestigasyon ang mga gwardya sibil. Ikinulong nila si Don Rafael at dito na naglabasan ang mga lihim niyang kaaway.

Pinaratangan siya ng pagiging erehe at pilibustero, pangangamkam ng lupain at iba pang ilegal na paraan sa pagpapayaman, ang pagbabasa ng El Correo de Ultramar at iba pang ipinagbabawal na babasahin, pagtatago diumano ng mga sulat at larawan mula sa isang binitay na pari, pakikipagkaibigan at pagkukop sa mga tulisan, at ang pagsusuot ng Barong Tagalog.

Nangawala at tumalikod ang mga dating kaibigan ng Don. Sa kabila ng paniniwala ng taong bayan na si Tinyente Guevarra ay nasisiraan ng bait, tanging siya na lamang ang naging kakampi ni Don Rafael.

Ayon sa pakiusap ng Don, ang Tinyente rin ang humanap ng Kastilang abogado para dito. Sa kabila ng kahusayan ng abogado ay tumagal at naging masalimuot ang kaso dahil na rin sa pagsulputan ng mga kalaban ng Don.

Ang masaklap pa dito, hindi pa man tapos ang paglilitis ay nakakulong na at nagdadanas ng hirap sa loob ng rehas si Don Rafael.

Dahil sa mga pangyayaring iyon ay labis na naapektuhan ang Don kung kaya't ito ay nagkasakit.

Tuluyang namatay sa bilangguan si Don Rafael. Wala man lamang nakiramay na kapamilya o kaibigan ang nasirang Don.

Talasalitaan:

- **Dalamhati** – hapis
- **Huwad** – kinopya
- **Inilakip** – isinama
- **Kapanalig** – kaanib
- **Karalitaan** – kahirapan
- **Kinahinatnan** – kinauwian
- **Masalimuot** – magulo
- **Nagningning** – nagkislap
- **Pahapyaw** – bahagya
- **Pangangamkam** – pangunguha
- **Paratang** – maling hinala
- **Pinasasaringan** – pinariringgan
- **Ulirat** – kamalayan

Kabanata 5 – Isang Tala sa Gabing Madilim

Nang araw na iyon ay nagpunta sa Maynila si Ibarra at nanuluyan sa Fonda de Lala. Sa loob ng kanyang silid ay nagmuni-muni ito tungkol sa sinapit ng ama.

'Di nagtagal ay napatingin ito sa durunguwan. Sa kabila ng ilog ay tanaw na tanaw ng binata ang nagliliwanag na bahay ni Kapitan Tiyago. Tila naririnig pa niya ang kasayahan sa loob ng bahay, ang tugtog ng mga orkestra at kalansingan ng mga pinggan at kubyertos.

May nagaganap muling isang kasiyahan sa bahay ng Kapitan noong gabing iyon. Dumating ang nag-iisang anak na dalaga ni Kapitan Tiyago na si Maria Clara.

Sinalubong naman ang dalaga ng kanyang mga kaibigan, kababata, mga Kastila at paring malalapit sa ama, mga Pilipino, Intsik, at militar.

Nakasuot ng isang marangyang kasuotan si Maria Clara na napapalamutian ng alahas na diyamante at ginto. Ang lahat ay nakatuon ang paningin sa kagandahan ng dalaga.

Matiyaga namang inaayos ni Donya Victorina ang buhok ni Maria Clara.

Mahilig sa magagandang dilag si Padre Salvi kung kaya't siya ay masayang-masaya at kadaupang palad niya ang mga dalaga roon. May lihim din itong pagtingin kay Maria Clara.

Madali namang nakatulog si Ibarra ng gabing iyon. Kabaligtaran ni Padre Salvi sapagkat hindi mawala sa kanyang isipan ang magandang dalaga na si Maria Clara.

Talasalitaan:

- **Balisa** – ligalig
- **Guni-guni** – imahinasyon
- **Kahambal-hambal** – kasuklam-suklam
- **Kasisilayaan** – kakikitaan
- **Katuturan** – kahulugan
- **Malamlam** – mapanglaw
- **Nahihimlay** -nakahiga
- **Nakakahambal** – nakakaawa
- **Nakakalunos** – nakapanghihinayang
- **Nauulinigan** – naririnig
- **Nimpa** – diyosa
- **Pabiling-biling** – palinga-linga
- **Panatag** – tiwasay

Kabanata 6 – Si Kapitan Tiyago

Si Kapitan Tiyago ay nag-iisang anak ng isang negosyante ng asukal sa bayan ng Malabon. Siya ay mahigit kumulang tatlumpu't limang taong gulang. Datapwat hindi nakapag-aral ay naturuan naman siya ng isang paring dominiko.

Nang mamatay ang ama ay itunuloy pa rin niya ang pangangalakal. Nakilala niya si Pia Alba na taga-Sta. Cruz at sila ay nagpakasal. Napabilang ang mag-asawa sa mataas na antas ng lipunan dahil sa pagiging mayaman at mahusay magpalakad ng negosyo.

Mailalarawan si Kapitan Tiyago bilang isang magandang lalaki na may moreno, pandak, at bilugan ang mukha. Sinira ng pananabako at pagnganganga ang kanyang hitsura.

Siya ay naninilbihan bilang gobernadorcillo. Kasama sa kanyang paglilingkod ang paghamak sa mga Pilipino at hayaan ang mga Kastila sa ganitong gawain.

Kastila na rin ang turing ng Kapitan sa kanyang sarili samantalang ang turing naman niya sa mga Pilipino ay Indio. Pinaniniwalaan ng Kapitan na ang mga Kastila ay mararangal at karapat-dapat pag-ukulan ng paggalang at pagpapahalaga.

Ang Kapitan ay kaibigan ng lahat ng mga may kapangyarihan lalo't higit ng mga pari. Kaya naman hindi mawawala ang kanyang pangalan sa misa at padasal para bilhin ang langit.

Ang mga maibigan niyang santo maging ang kabanalan ay nabibili nito. Punong-puno ng mga dinadasalan ang silid ni Kapitan Tiyago katulad nina Sta. Lucia, San Pascual Bailon, San Antonio De Padua, San Francisco De Asis, San Antonio Abad, San Miguel, Sto. Domingo, Hesukristo, at ang larawan ng Banal na Mag-anak (Hesus, Maria at Hosep).

Maraming ari-arian ang nabibili ng Kapitan dahil sa pagnenegosyo. Kabilang na diyan ang pagbili niya ng lupain sa San Diego. Siya namang naging daan upang makilala niya ang kura doon na si Padre Damaso at ang pinakamayaman sa bayang iyon na si Don Rafael Ibarra.

Sa loob ng anim na taon na pagsasama ng mag-asawang Kapitan Tiyago at Pia Alba, at sa kabila ng magandang buhay na tinatamasa nila ay hindi naman magka-anak ang dalawa. Walang humpay sa pamamanata ang mag-asawa. Sa payo naman ni Padre Damaso ay namanata ang dalawa sa Obando at sumayaw sa kapistahan ng San Pascual Bailon at Sta. Clara sa Nuestra Senora De Salambao si Pia Alba.

Nagdalantao nga si Pia Alba makalipas ang kaunting panahon (lingid sa kaalaman ni Kapitan Tiyago ay hinalay pala ni Padre Damaso ang kanyang

asawa at ang katotohanan ay nailantad rin kalunan).

Ngunit si Pia Alba ay naging masasakitin na siya namang naging dahilan upang tuluyang mamatay pagkatapos nitong manganak.

Maria Clara ang ipinangalan sa bata na inalagaan ni Tiya Isabel. Siya'y busog din sa pagmamahal nina Kapitan Tiyago at ng mga pari.

Sina Maria Clara at Crisostomo Ibarra ay lumaking magkababata. Sa udyok ng mga pari ay ipinasok ng kanyang ama si Maria Clara sa kumbento ng Sta. Catalina ng ito ay maging katorse anyos samantalang si Ibarra naman ay nagtungo sa Europa upang mag-aral ng medisina.

Sina Kapitan Tiyago naman at Don Rafael ay nagkasundong ipakasal sina Maria Clara at Ibarra sa takdang panahon. Hindi naman ito tinutulan ng dalawa sapagkat sila ay kapwa nag-iibigan.

Talasalitaan:

- **Bugtong** – nag-iisa
- **Ganid** -sakim
- **Kapus-palad** – salat
- **Kawaksi** – katulong
- **Magsing-irog** – magkasintahan
- **Nagkubli** – nagtago
- **Tinutuligsa** – pinupuna
- **Tiwasay** – tahimik
- **Umaalipusta** – umaapi

Kabanata 7 – Suyuan sa Asotea

Sina Maria Clara at Tiya Isabel ay maagang nakapagsimba ng araw na iyon. Makatapos mag-almusal ay nagkanya-kanya na sila ng gawain.

Naglinis ng bahay si Tiya Isabel dahil sa mga kalat bunga ng hapunan ng nakaraang gabi. Si Kapitan Tiyago ay nagbuklat ng mga kasulatan tungkol sa kabuhayan samantalang si Maria Clara ay nanahi habang kausap ang ama upang malibang ang sarili sapagkat ngayong araw ang nakatakdang pagkikita nila ni Ibarra. Hindi mapakali ang dalaga dahil sa pananabik na masilayan ang kanyang sinisinta.

Napagpasyahan nilang magbakasyon sa San Diego dahil nalalapit na ang pista doon. Maya-maya pa'y dumating na si Ibarra at hindi maikakailang nataranta ang dalaga.

Pumasok pa sa silid si Maria Clara at tinulungan naman siya ng kanyang Tiya Isabel na ayusin ang sarili. Lumabas rin ito at nagkita ang dalawa sa bulwagan. Kapwa nagkaroon ng kaligayahan sa mga mata ng dalawa ng magtama ang kanilang paningin sa isa't isa.

Upang makapag-sarili at makaiwas na rin sa alikabok na likha ng pagwawalis ni Tiya Isabel ay nagtungo ang dalawa sa Asotea.

Doon ay masinsinan silang nag-usap tungkol sa kanilang nararamdaman at sa kanilang mga sinumpaang isa't-isa. Binalikan nila ang ala-ala ng kanilang kamusmusan, ang kanilang naging tampuhan at mabilis na pagbabati.

Pareho din nilang itinago ang mga ala-ala at bagay na ibinigay nila sa isa't-isa. Kabilang dito ang dahon ng sambong na inilagay ni Maria Clara sa sumbrero ni Ibarra upang hindi ito mainitan, at ang sulat ni Ibarra kay Maria Clara bago ito umalis papuntang Europa.

Binasa naman ng dalaga sa katipan ang laman ng sulat. Ayon sa sulat, layunin ni Don Rafael na pag-aralin si Ibarra sa malayong lugar upang makapaglingkod ng mataas na kalidad sa bayang sinilangan. Handa diumano itong magtiis na mawalay sa anak upang sa bandang huli ay maibigay nito sa bayan ang kanyang hangarin.

Natigilan naman si Ibarra dahil naalala nito na bukas ay undas at marami siyang kailangang gawain. Nagpaalam na si Ibarra na binilinan ng Kapitan na sabihan ang kanyang katiwala na sila ay magbabakasyon doon.

Si Maria Clara naman ay hindi napigilang maluha dahil sa pangungulila kay Ibarra. Sinabihan siya ng kanyang ama na ipagtulos si Ibarra ng dalawang kandila at ialay sa santo ng manlalakbay.

Talasalitaan:

- **Alumpihit** – di mapalagay
- **Hinanakit** – pagdaramdam
- **Mag-ulayaw** – mag-usap
- **Nagpapasikdo** – nagpapatibok
- **Nagtulos** – nagtirik

- **Nakatatalos** – nakaalam
- **Napatda** – natigilan
- **Sawimpalad** – nabigo
- **Sinasamba** – paghanga
- **Ulupong** – makamandag

Kabanata 8 – Mga Alaala

Maganda ang araw noong panahong iyon. Binabagtas ni Ibarra ang kahabaan ng Maynila sakay sa kalesa at ang tanawin sa paligid ay nakapagpabalik ng kanyang mga alaala.

Katulad pa rin ng dati ang kanyang namasdan. Mga kalesa at karumatang walang humpay sa pagbyahe, salimbayan ng mga taong abala sa pangangalakal at kanya-kanyang mga gawain: may mga Europeo, Intsik, Pilipino; may mga lalaking kargador, ang iba ay mga kababaihang nagtitinda ng prutas. Ang mga tindahan at mga hayop na kasama sa paghahanapbuhay ay nandoon din.

Walang pinagbago ang puno ng talisay sa San Gabriel samantalang imbes na umunlad ay pumangit naman ang Escolta.

Nagmamadali namang ihatid ng mga karwahe ang mga kawani sa tanggapan at mga pari, kabilang na si Padre Damaso. Siya'y nakita ni Kapitan Tinong kaya binati siya nito.

Sa kalye ng Arroceros ay napadako si Ibarra at naalalang minsan ay nahilo siya sa napakasamang amoy ng tabako doon. Naikumpara din niya ang mga hardin sa Europa ng mapadaan siya sa Hardin ng Botaniko.

Ang buong Maynila para sa kanya ay walang pinag-unlad, bagkus ang mga gusali ay nilulumot lamang ng panahon.

Dahil dito, sumagi sa isipan ni Ibarra ang sinabi ng kanyang gurong pari.

- Una: Ang karunungan ay matatamo kapag hinangad ng puso.
- Pangalawa: Ang karunungan ay dapat linangin at isalin sa susunod na henerasyon.

- Pangatlo: Dapat lamang na magkaroon ng pakinabangan – kung ang mga kastila ay nanatili dito upang kuhanin ang yaman ng bansa, marapat lamang na ibigay naman ng bansang dayuhan ang karunungan at edukasyon.

Talasalitaan:

- **Arabal** – purok, distrito
- **Humayo** – umalis
- **Humihilam** – nagpapahapdi ng mata
- **Kamangmangan** – walang nalalaman
- **Maparam** – mapawi
- **Mapasupling** – mapatubo
- **Maririkit** – maniningning
- **Muralya** – pader
- **Nabansot** – naging pandak
- **Nahalinhan** – napalitan
- **Nahihimlay** – natutulog
- **Nakaakit** – nakahalina
- **Nakagayak** – nakabihis
- **Nakalulan** – nakasakay
- **Nakatimbuwang** – nakatihaya
- **Nangisay** – nanginig
- **Tanglaw** – ilaw

Kabanata 9 – Mga Suliranin Tungkol sa Bayan

Nang araw na iyon ay nakatakdang kuhanin ni Maria Clara ang kanyang kagamitan sa kumbento. Ang kanyang Tiya Isabel ay naghihintay na sa karawahe upang tuluyan na silang makaalis. Siya namang pagdating ni Padre Damaso.

Hindi minabuti ng pari ang kanilang pag-alis kaya bubulong-bulong itong umakyat papunta sa bahay ng Kapitan. Agad naman siyang sinalubong ng Kapitan at akmang magmamano sa kamay nito ngunit tinanggihan ito ng pari. Sa halip ay sinabi na agad nito ang kanyang pakay sa Kapitan.

Ani Padre Damaso, hindi raw dapat maglihim sa kanya si Kapitan Tiyago dahil siya ang pangalawang ama ni Maria Clara. Sinabi din niyang dapat na raw itigil ng dalaga ang pakikipag-mabutihan nito kay Ibarra. Dagdag pa ng pari, hindi daw dapat maghangad ng kabutihan ang Kapitan para sa kanyang mga kaaway.

Ang Kapitan naman ay nakumbinsi sa mga sinabi ni Padre Damaso kung kaya pag-alis nito ay agad na pinatay ng Kapitan ang mga kandilang itinulos ni Maria Clara para sa paglalakbay ni Ibarra pauwi sa bayan ng San Diego.

Samantala, si Padre Sybila ay nagtungo sa kumbento ng Dominikano sa Puerta de Isabel II. Dito ay dinalaw niya ang paring may matinding sakit.

Kanyang ibinalita ang mga nakaraang kaganapan kagaya ng pang-aaway na ginawa ni Padre Damaso sa bahay ni Kapitan Tiyago, ang pagpanig diumano ng Tiyente sa Kapitan Heneral, at pakikipag-alyansa kay Padre Damaso.

Ang matandang may sakit ay nakipagpalitan din ng saloobin at sinabing ang pagtaas ng buwis ang dahilan ng pagkaubos nang kanilang mga kayamanan. Aniya, natuto na ang mga Pilipino sa paghawak ng ari-arian.

Talasalitaan:

- **Banal** – santo
- **Hidwaan** – alitan
- **Kabulaanan** – kasinungalingan
- **Magiliw** – masintahin
- **Malugod** – masaya
- **Maluwalhati** – mapayapa
- **Masinsin** – magkakalapit
- **Nagbabata** – nagtitiis
- **Napamulagat** – napatitig
- **Natambad** – nalantad
- **Pag-aalitan** – pag-aaway
- **Pagmamalabis** – pang-aabuso
- **Pasagsag** – padabog
- **Sakim** – ganid
- **Yayat** – manipis

Kabanata 10 – Ang San Diego

Ang San Diego ay matatagpuan sa baybayin ng lawa at may malalawak na kabukiran. Isa itong maalamat na bayan sa Pilipinas.

Pagsasaka ang ikinabubuhay ng mga tao sa bayang ito na kulang sa edukasyon at kaalaman sa pagnenegosyo. Dahil dito’y napaglalamangan sila ng mga

dayuhang Tsino.

Kapansin-pansin dito mula sa tuktok ng simbahan ang isang gubat na nasa kalagitnaan ng kabukiran.

Wala itong pinagkaiba sa ibang mga bayan sa Pilipinas na pinamumunuan ng simbahan kung saan ang pamahalaan ay sunud-sunuran lamang dito.

Bago mailipat si Padre Damaso sa ibang bayan dahil sa ginawa nito kay Don Rafael Ibarra ay siya ang tumatayong kura paroko sa simbahan doon.

Kabilang ang mga Kastila at ilang mga mayayamang Pilipino sa mga kinikilala na may mataas na tungkulin sa bayang iyon.

May isa umanong matandang Kastila ang dumating sa bayan ng San Diego ayon sa alamat. Ito raw ay matatas magtagalog at malalalim ang mga mata.

Ito diumano ay bumili ng gubat sa pook na iyon kung saan ang kanyang ipinambayad ay ang kanyang mga ari-arian tulad ng damit, alahas at salapi.

Kinalaunan ay natagpuan ang matanda na nakabitin sa puno ng isang balete. Ito ay naging sanhi ng pagkatakot ng mga tao doon kaya't sinunog ng ilan ang mga damit ng matanda at itinapon naman ang kanyang mga alahas sa ilog.

Di nagtagal ay dumating ang anak ng matanda na nagngangalang Saturnino. Sinikap niyang sinupin ang naiwang ari-arian ng ama. Siya ay nakapag-asawa ng isang taga-Maynila at nanirahan sila sa San Diego.

Nagkaroon sila ng isang supling at ito ay si Don Rafael na siya namang ama ni Ibarra.

Kinagiliwan ng mga magsasaka si Don Rafael at dahil sa pagsusumikap nito ay naging bayan mula sa pagiging nayon ang San Diego.

Ang pamumunong ito ni Don Rafael ang sinasabing naging ugat ng inggit at galit sa ilan niyang mga kaibigan kalaunan.

Talasalitaan:

- **Atipan** – lagyan ng bubong
- **Baybayin** – tabi

- **Bumulaga** – gumulat
- **Kahangalan** – kamangmangan
- **Luntian** – berde
- **Mapusok** – masiklabong damdamin
- **Masigasig** – masipag
- **Matatas** – malinaw
- **Matatas** – matuwid magsalita
- **Nakaulinig** – nakarinig
- **Nangangalisag** – paninindig ng balahibo
- **Napagsasamantalahan** – naloloko
- **Simboryo** – kampanaryo
- **Taluktok** – tuktok
- **Uugoy-ugoy** – gagalaw-galaw

Kabanata 11 – Ang mga Makapangyarihan

Ang mga tao na kinikilalang makapangyarihan o casique sa bayan ng San Diego ay mabibilang lamang. Ito diumano ay katulad ng Roma at Italya sa mahigpit na agawan sa kapangyarihan sa pamumuno sa bayan.

Hindi naman kabilang dito sina Don Rafael, Kapitan Tiyago, at ilang namumuno sa pamahalaan.

Kahit na si Don Rafael ang pinakamayaman, iginagalang ng lahat, at pinagkakautangan ng marami ay hindi pa rin siya ang nagmamay-ari ng kapangyarihan sa bayang iyon.

Wala namang posisyon sa lipon ng mga makapangyarihan si Kapitan Tiyago na may mga ari-arian din, kabilang sa mataas na antas ng lipunan, sinasalubong ng banda ng musiko, at pinagsisilbihan ng masasarap na pagkain.

Ang posisyon diumano sa pamahalaan tulad ng gobernadorcillo o kapitan sa bayan ay mabibili sa halagang P5,000 at madalas pa na kagalitan ng alkalde mayor.

Kung tatanungin kung sino ba talaga ang makapangyarihan sa bayan ng San Diego, ito ay walang iba kundi ang kura paroko sa simbahan at ang Alperes na siyang puno ng mga gwardya sibil.

Si Padre Bernardo Salvi ang kura paroko at batang pransiskano na mukhang masasakitin ang siyang pumalit kay Padre Damaso. Higit siyang may kabaitan kumpara kay Padre Damaso.

Lasinggero, mapambugbog sa asawa at malupit sa kanyang mga tauhan ang Alperes. Siya ay nakapag-asawa ng isang Pilipina at ito ay si Donya Consolacion na mahilig magkolorete sa mukha.

Natural lamang na may palihim na hidwaang nagaganap dahil sa agawan ng kapangyarihan ng dalawang Kastila. Ngunit kapag nasa pampublikong lugar ay ipinapakita nila ang kanilang pakunwaring pagkakasunduan.

Talasalitaan:

- **Hidwaan** – di pagkakaunawaan
- **Ipangahas** – maglakas-loob
- **Kakarampot** – kakaunti
- **Kapariwaan** – kasawian
- **Masisitsit** – madaldal
- **Nagbabando** – nagagalit
- **Nakapahiyas** – nakapalamuti
- **Pag-aayuno** – di kumakain
- **Paghahambalos** -paghahampas
- **Pinagsakitan** – pinaghirapan

Kabanata 12 – Araw ng mga Patay

Matatagpuan sa isang malawak na palayan na nababakuran ng lumang pader at kawayan ang sementeryo ng San Diego. May malaking krus na nakatirik sa kalagitnaan nito. Masukal ang libingan at makipot ang daan patungo sa sementeryo. Maputik kung tag-ulan at maalikabok naman kung tag-araw.

Noong gabing iyon ay napakalakas ng buhos ng ulan. Dalawang tao ang abala sa paghuhukay sa isang bahagi ng sementeryo. Ang isa ay matagal nang sepulturero samantalang ang katulong nito ay bago pa at hindi mapakali sa kanilang ginagawa.

Iniahon ng dalawa ang bangkay na kanilang hinukay na dalawampung araw pa lamang naililibing mula ng mamatay.

Ang utos na paghukay sa bangkay at paglipat nito sa libingan ng mga Intsik ay mula kay Padre Garrote na walang iba kundi si Padre Damaso, ang kura paroko ng panahong iyon.

Talasalitaan:

- **Hinahandugan** – inaalayan
- **Kalakip** – kasama
- **Makipot** – makitid
- **Nagdudumali** – nagmamadali
- **Nakapalamuti** – naka-adorno
- **Nakaumbok** – nakabukol
- **Nananangis** – nagdadalamhati
- **Nangita** – hinanap
- **Pananglaw** – pang-ilaw
- **Satsatan** – daldalan
- **Sepulturero** – tiga-araro
- **Umaalingasaw** – paglabas ng baho

Kabanata 13 – Mga Babala ng Bagyo

Nagtungo si Ibarra sa sementaryo ng San Diego kasama ang kanilang matandang katiwala upang hanapin ang puntod ng kanyang ama na si Don Rafael.

Ayon sa katiwala, kanyang tinaniman ng mga bulaklak ng adelpa at sampaga ang libingan ng ama ng binata.

Sa daan ay nasalubong nila ang sepulturero at tinanong nila rito kung saan naroroon ang libingan ng kanyang ama.

Ikinasindak ni Ibarra ang ipinagtapat ng sepulturero. Ayon dito, itinapon nila ang bangkay ng kanyang ama sa lawa dahil sa kabigatan nito at hindi na nailibing sa libingan ng mga Intsik. Dagdag pa ng sepulturero, ang utos na kanyang sinunod ay galing sa kura paroko.

Napaiyak na lamang ang matandang katiwala sa mga narinig. Matinding galit at poot naman ang naramdaman ni Ibarra kaya iniwan nito ang kausap.

Nang makasalubong niya si Padre Salvi ay humingi siya ng paliwanag dito kung bakit nagawa nitong lapastanganin ang bangkay ng kanyang ama.

Nalaman naman ni Ibarra sa bandang huli na si Padre Damaso pala ang may kagagawan ng lahat ng iyon.

Talasalitaan:

- **Alintana** – pansin
- **Baliw** – wala sa sarili o wala sa tamang pag-iisip
- **Binagtas**– dinaanan
- **Dinaluhong** – sabay-sabay na hinahanap
- **Halimuyak** – kabanguhan
- **Ipinaanod** – ipinatangay
- **Matindi** – malubha
- **Nangangatal** – nanginginig
- **Nanghahagupit** – namamalo
- **Nanlilisik** – nagagalit
- **Naparalitiko** – nawalan ng pakiramdam
- **Nasindak** – natakot
- **Nitso** – libingan o puntod
- **Padre Garote** – paring nagpaparusa
- **Rumaragasa** – mabilis
- **Sigwa** – unos
- **Sumulyap** – tumingin
- **Tinalunton** – sinundan

Kabanata 14 – Si Tasyo, ang Baliw o ang Pilosopo

Kasabay ng araw ng pagdalaw ni Ibarra sa puntod ng kanyang ama ay ang pagdalaw din ni Pilosopo Tasyo sa libingan ng kanyang asawa.

Dahil sa kakaiba nitong personalidad ay kilala ng lahat ng tao sa San Diego si Don Anastacio o mas kilala sa tawag na Pilosopo Tasyo.

Siya ay laman ng lansangan at lakad ng lakad. Marami siyang pananaw sa pulitika at lipunan. Dahil sa hindi siya nauunawaan ng karamihan ay tinawag nila itong baliw.

Galing sa isang mayamang pamilya si Pilosopo Tasyo. Siya ay matalino at matalinghaga kung magsalita. Sa unibersidad ng San Jose ito nag-aral na kalaunan ay pinahinto ng kanyang ina sa paniniwalang ang katalinuhan nito ang magiging dahilan upang makalimutan niya ang Diyos.

Nais din ng kanyang ina na mag-pari na lamang ang binatang Tasyo. Ngunit sinuway niya ito at nag-asawa na lamang. Pagkalipas ng isang taon ay maagang nabyudo ang Pilosopo at imbes na mag-asawang muli ay inilaan niya ang kanyang oras sa pagbabasa ng libro. 'Di nagtagal ay napabayaang nito ang minanang kabuhayan mula sa kanyang ina.

Sa kabila ng paparating na unos at pagguhit ng matatalim na kidlat sa kalangitan ay kapansin-pansin ang kakaibang kasiyahan sa mukha ni Pilosopo Tasyo.

Ang mga tao ay nagtataka sa matalinghaga niyang sagot sa kanyang reaksyon. Ayon sa Pilosopo, ang bagyo ang siyang lilipol sa mga tao at hangad niya ang pagkakaroon ng delubyo na siyang lilinis sa sanlibutan.

Iminungkahi din niya sa kapitan ang pagbili ng tagahuli ng kidlat sa halip na mga paputok at kwitis. Tutol din siya sa pagpapatugtog ng mga batingaw sapagkat mapanganib ito kapag kumukulog.

Pinagtawanan naman siya ng mga taong nakarinig sa kanyang mga sinabi.

Nagpunta si Pilosopo Tasyo sa simbahan at nakita niya doon ang dalawang magkapatid. Sinabihan niya ang mga ito na kung maari ay umuwi na dahil ang kanilang ina ay naghanda ng isang espesyal na hapunan.

Natuwa ang mga bata sa narinig ngunit sa huli ay tumanggi ang mga ito dahil na rin sa kanilang tungkulin sa simbahan.

Nagpatuloy sa paglalakad si Pilosopo Tasyo hanggang sa marating ang bahay ni Don Filipino at Aling Doray. Kanilang napag-usapan ang pagdating ni Ibarra sa bayan.

Nabanggit din ng Pilosopo na nadarama niya ang paghihinagpis ng binata lalo na ng malaman nito ang sinapit ng kanyang ama. Dagdag pa niya, isa rin daw siya sa anim na kataong nakipaglibing sa ama ni Ibarra.

Ang kanilang usapan naman ay napadako sa purgatoryo, bagay na hindi pinaniniwalaan ni Pilosopo Tasyo ngunit pinaniniwalaan naman ng nakararami.

Bagamat hindi naniniwala ang Pilosopo sa purgatoryo ay nirerespeto naman daw niya ang pananaw ng relihiyon dito. Aniya, ito raw ay gabay upang ang tao ay mabuhay ng malinis.

'Di nagtagal ay nagpaalam na rin ang Pilosopo at lumakad palayo ng masiglang-masigla sa gitna ng matatalim na kidlat at dumadagundong na kulog.

Talasalitaan:

- **Angkop** – nararapat
- **Dagok** – matinding kasawian
- **Kalapastanganan** – pagyurak sa dangal
- **Lapastanganin** – halayin
- **Lintik** – kidlat
- **Magarbo** – marangya
- **Mapanganib** – delikado
- **Matimbang** – mabigat
- **Nakatutulig** – nakabibingi
- **Sinurot** – kinurot

Kabanata 15 – Ang mga Sakristan

Ang mga kausap ni Pilosopo Tasyo sa simbahan ay ang magkapatid na sakristan na sina Crispin at Basilio, mga anak ni Sisa.

May hinaharap palang matinding suliranin ang dalawang bata. Nagbibigay ito ng kawalang pag-asa sa kanila lalo na sa mas nakakabata na si Crispin.

Siya ay pinagbintangan ng pari sa pagnanakaw ng dalawang onsa o halagang tatlumpu't dalawang piso. Hindi niya mababayaran ang nawawalang salapi dahil ang sahod lamang nila sa pagsasakristan ay dalawang piso kada buwan. Tatlong beses pa naman ang pataw sa multa.

Hiningan niya ng tulong ang kanyang kuya na si Basilio. Hiniling niya na kung maari ay tulungan siyang magbayad sa ibinibintang sa kanya ng pari. Ngunit

hindi pumayag si Basilio dahil kailangan din niyang ibigay sa kanilang ina ang kanyang kita upang may makain.

Nahiling na lang tuloy ni Crispin na mabuti pa sanang silang lahat ay magkasakit. Nangungulila na ito sa kanyang ina. Naisip niyang kung kapiling lang sana nila ito ay tiyak na ipagtatanggol sila ng ina sa kalupitan ng mga pari.

Dagdag pa ni Crispin, sana nga ay ninakaw na lang niya ang pera ng sa gayon ay may maibabalik pa ito at kung mamatay man siya sa palo ay may maiiwan naman siya sa kanyang ina at kapatid.

Si Basilio nama'y nag-aalala sa galit ng kanyang ina kapag nalaman nito na napagbintangang magnanakaw ang kanyang kapatid.

Ngunit buo ang tiwala ni Crispin na hindi maniniwala ang kanilang ina na siya ay nagnakaw. Ipapakita umano niya ang maraming latay sa buong katawan dahil sa palo ng pari, pati na rin ang butas niyang bulsa.

Sasabihin din daw niya na ang pera lang niya ay isang kuwalta lamang na aginaldo pa sa kanya noong nakaraang pasko. Pati ito ay pinag-interesan pa ng sakim na pari.

Sa patuloy na pag-uusap ng magkapatid ay 'di nila namalayan ang pagpanhik ng sakristan mayor. Nagpupuyos ito sa galit dahil sa narinig niya ang pinag-uusap ng dalawang batang sakristan.

Dahil dito ay pinagmulta niya si Basilio dahil daw sa salang maling pagpapatugtog nito sa kampana. Dagdag pa ng sakristan mayor, hindi maaring umuwi si Crispin hangga't hindi nito ibinabalik ang ninakaw na salapi.

Mas lalo lamang napahamak si Basilio ng magtangka siyang mangatwiran. Makakauwi lamang daw ito sa ika-sampu ng gabi.

Mapanganib para kay Basilio ang umuwi ng ganitong oras dahil mahigpit na ipinapatupad ng guwardiya sibil na bawal ng maglakad ang sinuman bago sumapit ang ika-siyam ng gabi.

Matapos itong sabihin ng sakristan mayor ay kinaladkad na niya si Crispin at hindi na magawang makiusap ni Basilio dahil sa pangamba at awa sa kapatid.

Naririnig niya ang pagpapalahaw at daing ng kapatid dahil sa sakit na nadarama. Binalot si Basilio ng matinding paghihinagpis. Natulala at nawalan siya ng pag-asa para tulungan ang kapatid na mabago ang kanyang kalagayan.

Sa pagtila ng ulan ay nagpatihulog si Basilio mula sa bintana ng kampanaryo gamit ang lubid ng kampana.

Talasalitaan:

- **Habol-hininga** – buntong-hininga
- **Hiyaw** – sigaw
- **Inalo** – inaruga
- **Kalumbayan** – kalungkutan
- **Nagpatibuwal** – nagpadalus-dalos
- **Nananalasa** – sumisira
- **Palahaw** – pananangis
- **Panaghoy** – daing
- **Tinutulan** – hindi sinang-ayunan

Kabanata 16 – Si Sisa

Abalang-abala si Sisa na ina nina Basilio at Crispin sa isang maliit na dampa sa labas ng bayan. Siya’y salat sa kabuhayan. May likas mang ganda ngunit pinatanda na siya ng panahon at pagdurusa.

Nakapag-asawa si Sisa ng isang lalaking walang idinulot sa kanya kundi sakit sa kalooban. Tamad ito, mahilig sa sugal, iresponsable at nagpapagala-gala lang sa lansangan. Wala siyang pakialam sa kanyang mag-iina. Madalas pa nga ay binubugbog nito si Sisa kapag siya ay umuuwi sa kanila.

Patuloy lamang na tinitii ni Sisa ang ginagawa sa kanila ng asawa. Minamahal pa rin niya ito at sinasamba na akala mo’y diyos.

Nung araw na iyon ay naghanda ng masarap na hapunan si Sisa para sa kanyang dalawang anak. Minsan lamang itong mangyari dahil na rin sa kasalatan nila sa buhay.

Inihain niya ang paborito ni Crispin na tuyong tawilis at sariwang kamatis samantalang tapang baboy-damo naman at isang hita ng patong bundok ang para kay Basilio. Galing ang lahat ng iyon kay Pilosopo Tasyo.

Ngunit sa kasamaang palad ay naunang dumating ang asawang tamad at irresponsable ni Sisa. Inubos niyang lahat ng inihain ng asawa para sa mga anak at hindi man lamang nagtira para sa sa kanila.

Ni hindi niya itinanong kung kamusta na ba ng kanyang mag-iina, sa halip ay nagbilin pa ito na bigyan siya ng kwarta mula sa kita ng dalawang bata.

Wala nang nagawa si Sisa kundi maghinagpis sa pag-aalalang wala nang masarap na hapunan ang kanyang dalawang supling.

Nagluto siyang muli para naman may makain ang mga anak pagdating galing sa simbahan.

'Di nagtagal ay nainip si Sisa sa kahihintay sa mga anak. Nakarinig na lamang siya ng malalakas na tawag mula kay Basilio.

Talasalitaan:

- **Bahid** – bakas ng dumi, mantsa
- **Humahangos** – nagmamadali
- **Inaatupag** – iniintindi; ginagawa
- **Kapritso** – luho; layaw
- **Nababakas** – nababanaag; nakikita
- **Nahumpak** – namayat
- **Namumurok** – nanaba
- **Paggunita** – pag-alala
- **Pobre** – mahirap
- **Tinangka** – binalak
- **Umusal** – bumigkas
- **Walang puso** – walang damdamin

Kabanata 17 – Si Basilio

Dumating sa kanilang bahay si Basilio na duguan sa kadahilanang hinabol siya ng mga gwardiya sibil at nadaplisang bala sa ulo. Hindi na siya nakahinto sa paglalakad dahil sa takot niyang ikulong at paglinisin sa kuwartel.

Ipinakausap ni Basilio sa ina na sabihing nahulog na lamang siya sa puno kaysa ipagtapat ang tunay na nangyari.

Nalaman na rin ni Sisa na napag-bintangan si Crispin na nagnakaw ng dalawang onsa. Nahabag ang puso ng ina dahil sa awa sa kanyang bunso.

Ngunit hindi ipinagtapat ni Basilio ang parusang tinatamasa ni Crispin sa kamay ng sakristan mayor at pari. Nawalan na rin siya ng ganang kumain dahil sa kalagayan ng ina lalo na ng malaman nitong dumating ang kanyang ama.

'Di kasi linggid sa kaalaman ni Basilio ang pambubugbog na ginagawa ng ama sa kanyang ina tuwing dumarating ito sa kanilang bahay.

Dahil sa galit ay nasabi nito na mabuti pang mawala na ang kanyang ama at mabuhay silang tatlo na lamang. Baka sa ganitong kalagayan ay mabuhay pa sila ng maayos. Ito nama'y pinagdamdandam ng kanyang ina.

Para kay Sisa, sa kabila ng ugali ng kanyang asawa ay nais pa rin niyang magkakasama silang lahat.

Nakatulugan naman ni Basilio ang kanyang mga alalahanin at pagod. Sa kalagitnaan ng kanyang tulog ay binangungot ito. Sa kanyang panaginip ay nakita niya ang pambubugbog ng kura at sakristan mayor kay Crispin. Ito'y pinalo nila ng yantok sa ulo hanggang sa duguang humandusay sa sahi.

Nagising na lamang sa yugyog ng kanyang ina si Basilio at sa halip na ipagtapat ang laman ng kanyang panaginip ay sinabi na lamang niya ang kanyang pangarap para sa ina at kapatid.

Ani Basilio, nais niyang huminto na sila sa pagsasakristan ni Crispin. Magpapastol na lamang siya ng baka at kalabaw na pag-aari ni Ibarra. Pagsapit sa edad na kaya na niyang mag-araro sa bukid ay hihiling siya ng kapiarasong lupa para sakahin.

Pauunlarin niya raw ito at kapag umunlad na ang kanilang buhay ay pag-aaralin niya ang kapatid kay Pilosopo Tasyo. Ang kanyang inang si Sisa ay patitigilin na rin niya sa pananahi.

Bagaman nagpapakita ng pagkatuwa ang ina sa mga pangarap ng anak ay lihim naman siyang nasasaktan dahil hindi isinama ni Basilio sa kanyang mga plano ang kanyang ama.

Talasalitaan:

- **Ampahilom** – gamit para sa paggaling ng sugat
- **Bulo**– anak ng kalabaw o baka
- **Dumaplis** – pasagi o pahaging ang pagtama
- **Ikinabuwal** – natumba at napahiga
- **Punglo** – bala
- **Quien vive** – salitang Español na nangangahulugang “Sino ang nariyan?”
- **Sakristan Mayor** – namumuno sa lahat ng sakristan
- **Sinunggaban** – biglang dinakma o inagaw ang isang bagay
- **Tagapastol** – tagapag-alaga ng hayop gaya ng tupa, kalabaw, kabayo atbp.
- **Yantok** – galing sa isang uri ng palma na may mahahaba at magkakadugtong na sanga

Kabanata 18 – Mga Kaluluwang Naghihirap

Matamlay na nagdaos ng misa si Padre Salvi ng araw na yaon. Ang mga matatanda ay abala sa nalalapit na pista sa kanilang bayan habang naghihintay naman na makausap ang pari. May nais silang malaman. Si Padre Damaso ba, si Padre Martin o ang koordinador ang magmimisa?

Ang pagbili ng indulgencia para sa kaligtasan ng mga namatay na kaanak na patuloy na nagdurusa sa purgatoryo ay napag-usapan ng mga matatanda. Mahigit isang libong taon na kaligtasan mula sa pagdurusa sa purgatoryo ang katumbas ng isang indulgencia.

Dahil sa kaabalahan ng mga matatanda sa kanilang pagpapalitan ng kuro-kuro ay hindi nila namalayan ang pagdating ni Sisa.

May dala siyang handog para sa mga pari. Mga sariwang gulay mula sa kanyang mga tanim at pako na paborito ng kura ang dala ni Sisa.

Nagtuloy siya sa kusina ng kumbento upang iayos ang kanyang mga dala-dalahan. Ni hindi siya pinansin ng mga sakristan at mga tauhan sa kumbento ngunit nakausap naman niya ang tagaluto doon.

Nalaman niyang maysakit ang pari at hindi niya ito makakausap. Nagulat din siya ng malaman na ang anak niyang si Crispin ay tumakas kasama ni Basilio pagkatapos nitong magnakaw ng dalawang onsa.

Alam na raw ito ng mga gwardiya sibil kaya papunta na ang mga ito sa kanilang bahay upang hulihin ang kanyang mga anak.

Tinuya rin nito si Sisa dahil hindi daw niya tinuruan ng kabutihang asal ang magkapatid at higit sa lahat ay nagmana raw ang kanyang mga anak sa kanyang asawang walang silbi.

Talasalitaan:

- **Entonces** – Espanyol na salita na ngangahulugang “then” o sa tagalog ay “puwes”
- **Indulgencia Plenaria** – dasal upang tubusin ang mga sala ng mga yumao
- **Inihayhay** – isinalansan
- **Kinokolahan** – lagyan ng pandikit o glue
- **Kompraternidad** – samahan ng mga nananampalataya
- **Nanunuya** – nang-aasar
- **Sakristiya** – kuwarto sa simbahan kung saan nakalagay ang gamit ng pari
- **Sensilyo** – barya

Kabanata 19 – Mga Suliranin ng Isang Guro

Sa tabi ng lawa ay nagkita sina Ibarra at ang guro sa San Diego. Itinuro ng guro kung saan naitapon ang bangkay ng ama ng binata. Isa diumano si Tinyente Guevarra sa iilang nakipaglibing sa kanyang ama.

Sinabi ng guro ang ginawang pagtulong ni Don Rafael sa ikauunlad ng edukasyon sa kanilang bayan at naitulong nito sa kanyang kapakanan.

Tumulong kasi ang ama ni Ibarra sa pangangailangan ng guro sa pagtuturo noong siya ay nagsisimula pa lamang.

Inisa-isa din ng guro ang ang mga kinakaharap na suliranin ng San Diego tungkol sa edukasyon.

Aniya, ang mga ito raw ay ang mga sumusunod:

- ang kawalang ng panggastos para sa mga kagamitan sa pag-aaral,
- ang kawalan ng silid aralan na akma upang makapag-aral ng walang balakid ang mga bata,
- ang kakaibang pananaw ng mga pari sa paraan ng pagtuturo,

- ang mga patakaran ng simbahan tungkol sa nilalaman ng kanyang mga aralin,
- at ang kawalan ng pagkakaisa ng mga magulang ng mag-aaral at ng mga taong may katungkulan.

Kahit anong tiyaga ng guro na ituro sa kanyang mga estudyante ang nilalaman ng mga libro na nakasulat sa wikang Kastila ay pilit itong pinanghihimasukan ni Padre Damaso.

Pinapalo at minumura diumano ng pari ang mga bata sa tuwing makaririnig ito ng ingay mula sa tapat ng kwadra kung saan nag-aaral ang mga bata dahil nga wala silang silid-aralan.

Pinapanigan naman ng mga magulang ang mga pari tungkol sa pagpalo bilang epektibong paraan ng pagdidisiplina at pagtuturo sa kanilang mga anak.

Dahil sa pakikialam ng pari at mga balakid sa pagtuturo ang siyang sinisising dahilan ng guro sa kanyang pagkakasakit. Nang bumalik naman siya sa pagtuturo ay napansin niyang nabawasan ang bilang ng kanyang mga mag-aaral.

Ang guro ay natuwa ng malaman na hindi na si Padre Damaso ang kura sa San Diego kaya minabuti niyang iangkop ang nilalaman ng mga aralin sa kalagayan ng kanyang mga mag-aaral.

Kahit pa nagkaroon ang kalayaan ang guro na iangkop ang kanyang mga aralin ay higit pa ring pinahalagahan ng simbahan ang pagtuturo tungkol sa relihiyon.

Nangako naman si Ibarra na gagawin ang kanyang makakaya upang matulungan ang guro at maiangat ang kalagayan ng edukasyon sa bayan. Kanya raw babanggitin sa araw ng pulong sa paanyaya ni Tinyente Mayor ang mga napag-usapan nila ng guro.

Talasalitaan:

- **Gula-gulanit** – sira-sira
- **Isang kahig, isang tuka** – dukha
- **Pag-alipusta** – paghamak
- **Pasukab** – pakutya
- **Unos** – bagyo, kalamidad

Kabanata 20 – Ang Pulong sa Tribunal

Noong araw na iyon ay panauhin sina Ibarra at ang guro sa pulong. Ang tanging bulwagan na nagsisilbing lugar para sa pagpupulong at pag-uusap ng mga makapangyarihan at mayayaman sa bayan ay ang tribunal.

Nahahati sa dalawang kinatawan o lapian ang mga nasa pulong. Ang una ay ang mga konserbador o pangkat ng mga matatanda na pinamumunuan ng Kabesa samantalang ang pangalawa ay ang liberal na binubuo naman ng mga kabataan sa pamumuno ni Don Filipino.

Ang pagpupulong ay tungkol sa gaganaping kapistahan labing-isang araw mula sa araw na iyon, mga programa at aktibidad na gagawin para sa pista, at ang pagtatayo ng paaralan para sa bayan.

Sa pulong ay sinamantala ng mga mayayaman ang makapagtalumpati kahit na walang katuturan ang kanilang ibang pinagsasabi.

Kagaya ni Kapitan Basilyo na nakalaban ni Don Rafael. Si Don Filipino naman ay nagmungkahi na sa bawat gawain ay dapat may talaan ng mga gastos. Iminungkahi din niyang magpagawa ng isang malaking tanghalan sa plasa at magtanghal ng palatuntunan tulad ng komedya sa loob ng isang linggo.

Nabanggit din ni Don Filipino ang pagkakaroon ng paputok upang maging lalong masaya ang pista, bagay na 'di naman sinang-ayunan ng lahat.

Ang Kabesa naman ay nagbigay ng panukala na dapat ay tipirin ang pagdiriwang. Wala rin dapat na paputok at ang mga gaganap sa programa ay dapat mga taga-San Diego. Aniya, ang sentro ng pagtatanghal ay dapat mga sariling ugaling Pilipino.

Ang mga panukalang inihandog ng magkabilang pangkat ay walang bisa dahil nakapagdesisyon na ang kura tungkol sa gaganapin sa pista.

Ang mga gagawin ay anim na prusisyon, tatlong sermon, tatlong misa mayor at isang komedya.

Talasalitaan:

- **Liyampo** – Sugal Intsik
- **Tribunal** – Ayuntamiento, Gusali ng pamahalaan panlalawigan at pambayan

Kabanata 21 – Mga Pagdurusa ni Sisa

Kumaripas ng takbo si Sisa pauwi sa kanilang bahay matapos mapakinggan ang mga sinabi ng kusinero.

Hindi mawaglit sa isipan ni Sisa ang maaring pagdampot ng mga gwardiya sibil sa kanyang mga anak dahil sa bintang na pagnanakaw ng salapi.

Nakita ni Sisa na papalayo na ang mga gwardiya sibil sa kanilang bahay at hindi nito kasama ang kanyang mga anak, bagay na nakapagpagaan sa loob ng ina.

Ngunit ng magpang-abot sila ng gwardiya sibil sa daan ay pilit siyang pinaamin na ilabas ang dalawang onsang ninakaw ng mga anak.

Nagmakaawa si Sisa ngunit tila bingi ang mga ito sa pakiusap niya. Sa halip ay kinaladkad siya ng mga gwardiya sibil papuntang kwartel.

Habang kinakaladkad ay hiyang-hiya si Sisa sa harap ng taong-bayan na sakto namang katatapos lang ng misa at ang mga ito ay kasalukuyang lumalabas ng simbahan.

Napatigil ang lahat sa eksenang nagaganap samantalang si Sisa ay walang magawa kundi umiyak at panghinaan ng loob.

Inihagis siya ng mga ito pagdating sa kwartel at nagsumiksik na lamang ang naghihinagpis na ina sa isang sulok.

Walang nais makinig sa pagmamakaawa ni Sisa. Tanghali na ng pakawalan siya ng Alperes.

Umuwi na si Sisa sa kanilang bahay at hinanap ang dalawang anak. Wala kahit sa bakuran ang anino o kahit tinig ng kanyang mga anak.

Pumasok muli sa bahay si Sisa ngunit ang punit at duguang damit lamang ni Basilio ang kanyang natagpuan.

Nilamon ng pighati ang kanyang katinuan dahil hindi matanggap ng ina ang kanyang nasilayan.

Nagpalaboy-laboy sa kalsada si Sisa habang sinasabi ang pangalan ng kanyang mga anak na sina Basilio at Crispin.

Talasalitaan:

- **Kwartel** – gusali kung saan nakatira ang mga sundalo
- **Kura** – pari na namumuno sa isang simbahan
- **Kusing** – halagang kalahati lamang ng isang sentimo
- **Nadakip** – nahuli
- **Nagsumamo** – nagmakaawa
- **Onsa** – yunit ng timbang o bigat
- **Pananambitan** – pagluluksa, pananaghoy, pananangis
- **Pilas** – punit
- **Sikdo** – kutob
- **Sinakmal** – kinagat nang bigla

Kabanata 22 – Liwanag at Dilim

Ngayon na ang araw ng pagdating nina Maria Clara at Tiya Isabel sa San Diego upang mamalagi doon para sa pista ng bayan.

Ang balitang pagdating ni Maria Clara ay agad na kumalat dahil kinagigiliwan siya ng lahat ng mga tao doon. Kumalat din umano ang madalas na pagkikita nila ni Ibarra na ikinagalit naman ni Padre Salvi. Napapansin pala ng dalaga ang pagbabago ng kilos at mga titig nito tuwing siya ay kaharap.

Samantala, plano nina Maria Clara at Ibarra na mag-piknik kasama ang kanilang mga kaibigan sa ilog. Iminungkahi ng dalaga na huwag isama si Padre Salvi dahil nababahala siya kapag ito ay nasa paligid.

Hindi naman ito sinang-ayunan ni Ibarra dahil hindi raw ito magandang tingnan. Bigla namang dumating ang pari habang nag-uusap ang dalawa kaya nagpaalam na ang dalaga upang mamahinga.

Pagdaka'y inimbitahan ni Ibarra si Padre Salvi sa piknik na kanilang pinagpa-planuhan at kaagad naman itong sinang-ayunan ng pari. Umuwi na rin si Ibarra makalipas ang ilang oras.

Sa daan habang naglalakad pauwi ay may nakasalubong si Ibarra na isang lalaki na humihingi ng tulong. Agad naman itong tinulungan ng binata.

Talasalitaan:

- **Lumanghap** – umaamoy
- **Nagpaunlak sa paanyaya** – tinanggap ang imbitasyon
- **Pananamlay** – panghihina
- **Pusikit** – maliit na liwanag
- **Tulisan** – bandido

Kabanata 23 – Ang Piknik

Masiglang gumayak ang mga kababaihan at kabinataan madaling araw pa lamang ng araw na iyon. Naglalakad ng magkakasama ang mga kababaihan samantalang hiwalay naman sa kanila ang mga kalalakihan.

Ang mga kawaksi at matatandang babae ay kasama rin sa kanilang piknik.

Dalawang bangka ang sasakyan nila kung saan ang matatalik na magkakaibigan na sina Maria Clara, Iday, Victorina, Neneng at Sinang ay magkakasama sa isang Bangka.

Di mapigil ang tawanan at kwentuhan ng mga dalaga kung kaya si Tiya Isabel ay sinaway sila.

Nagkaroon naman ng butas ang bangkang sinasakyan ng mga kalalakihan kaya sila ay napalipat sa bangka ng mga dalaga. Tumahimik tuloy ang mga dalaga sapagkat sila ay inatake ng hiya.

Patuloy lamang sa pagsagwan si Elias at upang hindi mainip ang mga kasama ay umawit ng kundiman si Maria Clara.

Nang malapit ng maluto ang agahan ay gumayak na ang mga kalalakihan upang mangisda. Ngunit walang nahuli ang mga ito kahit isa dahil sa biglang pagsulpot ng buwaya sa ilog.

Ang mga kababaihan ay nabahala sa paglitaw ng buwaya lalo na ng ito'y nilundag ni Elias. Higit na malakas ang buwaya kaysa kay Elias kaya tinulungan siya ni Ibarra na taluhin ito.

Natalo ng dalawa ang buwaya kaya nagpatuloy na sila sa pangigisda hanggang sa sila ay makahuli ng sariwang isda.

Sa isang puno malapit sa batisan ay masayang nananghalian ang magkakaibigan.

Talasalitaan:

- **Igaod** – pagsagwan
- **Katipan** – kasintahan
- **Langkay** – kumpol, sama-sama
- **Mabanaagan** – mamasdan, makita, maaninag
- **Napapandaw** – pagtungo sa baklad upang tignan ang huli
- **Napatda** – hindi nakakilos agad
- **Pinagtiyap** – magtagpo

Kabanata 24 – Sa Kagubatan

Nakapagmisa ng maaga si Padre Salvi at agad ay nag-almusal. Hindi na nito tinapos ang pagkain, sa halip ay nagpunta na ito sa lugar ng piknik sakay ng karwahe.

Malayo pa lamang ay pinahinto na ng pari ang karwahe upang malayang mapagmasdan ang mga kadalagahan. 'Di naman siya nabigo sapagkat nakita niya ang masasayang mga dalaga maging ang mga binti at sakong ng mga ito habang nagkakatuwaan. Pinigil ni Padre Salvi ang kanyang sarili at hinanap ang mga kalalakihan.

Makatapos ang pananghalian ay nabanggit ni Padre Salvi na may tumampalasan kay Padre Damaso kaya ito ay nagkasakit.

Nagkataon namang dumating si Sisa na nais sanang pakainin ni Ibarra ngunit dala ng pagiging wala sa katinuan ay agad itong umalis.

Nabanggit din sa usapan ang pagkawala ng mga anak ni Sisa kung saan nagkaroon ng matinding pagtatalo sina Don Filipino at Padre Salvi.

Ikinatwiran ni Don Filipino na higit pang pinahalagahan ang dalawang onsa kaysa sa pagkawala ng mga bata. Si Ibarra nama'y pumagitna na sa dalawa upang hindi na umabot sa sakitan ang mga ito.

Maya-maya'y nakiumpok si Ibarra sa mga binata at dalagang naglalaro ng Gulong ng Kapalaran. Itinanong ng binata sa Gulong kung may mga katuparan

ang kanyang binabalak. Ngunit natapat naman ang dais sa sagot na pangarap lamang, bagay na hindi sinang-ayunan ni Ibarra.

Aniya, mayroon na siyang katibayan at pahintulot sa pagpapatayo ng bahay-paaralan. Ang kasulatan ay hinati ni Ibarra at ibinigay kina Maria Clara at Sinang.

Walang anu-ano'y dumating si Padre Salvi at pinunit nito ang aklat ng walang hudyat. Ayon sa pari, malaking kasalanan ang maniwala sa nilalaman nito.

Si Albino nama'y nainis at sinagot ang kura na mas malaking kasalanan ang kanyang pakikialam sa pag-aari ng iba.

Kaagad na lumayas ang kura at padabog na bumalik sa kumbento.

Ilang sandali pa'y dumating naman ang mga gwardya sibil at sarhento. Si Elias ang pakay nila sapagkat ito diumano ang nanakit kay Padre Damaso.

Kinuwstyon din ng mga dumating ang pagkukop ni Ibarra kay Elias. Ito nama'y agad na sinalungat ng binata at sinabing walang karapatan ang mga ito na kwestyunin ang kanyang desisyon kung sino ang nais niyang imbitahin sa kanyang tahanan.

Ang buong kagubatan ay hinalughog ng gwardya sibil ngunit hindi nila nakita si Elias.

Talasalitaan:

- **Kiming dalaga** – mahiyaing dalaga
- **Naganyak na sumama** – napa-oo
- **Nasawata ang pagtatalo** – napigilan

Kabanata 25 – Sa Tahanan ng Pilosopo

Pumunta si Ibarra sa bahay ni Pilosopo Tasyo upang humingi ng payo tungkol sa paaralan na nais niya pasimulan. Sa kabila ng pagiging abala ng Pilosopo sa kanyang ginagawa ay napansin pa rin naman niya ang binatang si Ibarra kaya inanyayahan niya nito.

Nabanggit ng Pilosopo na walang makauunanawa sa ngayon ng kanyang isinusulat dahil ang susunod na henerasyon ang makakaunawa ng kanyang

saloobin. Dagdag pa niya, wala na raw piring sa mata at mulat na sa nangyayari sa lipunan ang mga susunod na salinlahi.

Nabanggit naman ni Ibarra na kahit siya ay dito ipinanganak at lumaki, ramdam niya ang palagay ng mga tao na siya ay dayuhan lamang. Kaya naman kinakailangan niyang humingi ng payo sa Pilosopo dahil sa ito'y higit na kilala ng mga tao.

Sinalungat naman ito ng Pilosopo at iminungkahing sa mga kinikilalang tao sa lipunan tulad ng kura dapat isangguni ni Ibarra ang kanyang mga binabalak.

Naniniwala si Ibarra na ang matuwid na layunin ay hindi na kailangang balutan ng baluktot na gawain. Buo ang paniniwala ng binata na sasang-ayunan siya ng pamahalaan at ng mga tao sa bayan sapagkat ang kanyang ninanais ay para sa kapakanan ng nakararami.

Hindi makumbinsi ni Pilosopo Tasyo si Ibarra na ang kapangyarihan ng simbahan ay higit pa sa kakayahan ng pamahalaan. Lalo pa ng sabihin niya sa binata na kung nais niyang matupad ang kanyang mga balakin ay marapat na yumuko muna siya sa mga may kapangyarihan kung ayaw niyang walang mangyari sa kanyang mga balakin.

Hindi naman ito matanggap ni Ibarra dahil ang kanyang mga pananaw ay ideolohiyang liberal na kanyang nakamulatan sa pag-aaral sa Europa.

Ayon sa Pilosopo, ang mga ganitong prinsipyo ay hindi pa katanggap-tanggap sa simbahan na siyang nagmamay-ari ng lahat pati ang buhay ng mga tao sa kanilang nasasakupan.

Ang kalagayan ni Ibarra ay inihalintulad niya sa mga halaman kagaya sa rosas na yumuyuko rin sa hangin kapag hitik na ito sa mga bulaklak at kung hindi ito ay mababali lamang, at sa puno ng makopa na kailangan pa niyang tukuran upang kumapit ang mga ugat nito sa lupa dahil kung hindi niya ito gagawin ay ibubuwal lamang ito ng hangin.

Ganito diumano si Ibarra sa kanyang mga pananaw. Isa siyang punong itatanim sa mabatong lupain na nagmula pa sa bayan ng Europa – kailangan niya ng makakapitan at masasandalan.

Ang sabi pa ni Pilosopo Tasyo, hindi kaduwagan ang pagyuko sa kapangyarihan. Ang pagyuko at pag-iwas sa dumarating na punlo ay mas

mainam kaysa salubungin ang mga bala ng baril at tuluyan ng hindi makabangon.

Maraming tumatakbo sa isipan ni Ibarra. Paano na lamang raw kung hindi lubos ang pagtulong ng simbahan sa kanyang mga balakin dahil sa ang karunungan ay kaagaw ng simbahan sa pagpapayaman, at kung may maiiwan ba siyang legasiya sa kanyang mga binabalak para sa bayan.

Bago pa man magpaalam si Ibarra ay binigyan siya ng inspirasyon ng Pilosopo na kung sakaling hindi man siya magtagumpay ay may uusbong na pananim na siyang magpapatuloy ng kanyang mga nasimulan.

Pagkatapos nito'y nagpaalam na ang binata kay Pilosopo Tasyo.

Talasalitaan:

- **Jerogloficong pagsulat** – istilo ng pagsulat
- **Kalupi ang tangan** – pitaka o lalagyan
- **Tampalasang sanlibutan** – masama

Kabanata 26 – Ang Bisperas ng Pista

Tuwing ika-sampu ng Nobyembre ay bisperas ng pista sa San Diego. Handa na ang lahat sa bisperas pa lamang kaya nakagayak na ang kani-kanilang mga bahay ng pinakagarbong palamuti, kurtina at iba't-ibang dekorasyon pati na mga minana at antigong kagamitan.

Punong-puno ng iba't ibang masasarap na putahe ang hapag kainan ng mga mayayaman. Nariyan ang mga kakanin, panghimagas at mga inangkat na mamahaling mga alak mula pa sa Europa. Para sa lahat ang mga pagkain dito upang kahit na mga taga ibang bayan ay maging masaya din sa kapistahan.

Panay rin ang pagpapaputok ng mga kwitis, batingaw ng kampana at tugtugan ng mga banda ng musiko. Ang mga matataong lugar kabilang na ang plasa ng San Diego ay pinalamutian ng arkong kawayan. Nilagyan din ng tolda ang harapan ng simbahan para sa prusisyon.

May nakalaan ding tanghalan para sa komedya at iba pang palatuntunan.

Sina Kapitan Tiyago, Kapitan Joaquin, ang intsik na si Carlos, at iba pang mayayaman sa bayan ng San Diego ay may partisipasyon din sa kasayahan. Nakalaan namang magmisa si Padre Damaso sa umaga.

Iginayak na rin ng mga magsasaka at mahihirap ang kanilang mga pinakamainam na ani upang ihandog sa mga may-ari ng kanilang bukirin.

Samantala, tinatapos na ang bahay-paaralan na pinapagawa ni Ibarra malapit sa kanyang tahanan sa pamamantnubay ni Nol Juan.

Ang lahat ng gastos ay sagot ni Ibarra. Magalang namang tinanggihan ng binata ang alok na tulong ng mga mayayaman at ng pari sa kanya.

Katumbas ng mga paaralan sa Europa ang bahay-paaralan na ipinapatayo ni Ibarra kung saan hiwalay ang mga babae sa lalaki. Mayroong lugar para sa pagtanim ng puno at gulay pati na rin bodega. May silid pang-disiplina din para sa mga batang mag-aaral.

Sa ginawang ito ni Ibarra ay maraming humanga sa kanya ngunit sa kabilang banda nama'y marami din ang kanyang naging palihim na mga kaaway.

Talasalitaan:

- **Gayak** – maghanda
- **Padrino** – sponsor
- **Piitan** – kulungan
- **Tahur** – mayaman na mananabong

Kabanata 27 – Sa Pagtatakipsilim

Sinasadya talagang higitan ni Kapitan Tiyago ang paghahanda sa kapistahan dahil ikinatutuwa niya mabangong pagtanggap ng mga tao kay Ibarra na kanyang mamanugangin. Hindi lingid sa kaalaman ng Kapitan na tanyag na tanyag ang binata sa Maynila kaya sinasamantala niya ang mga ganitong pagkakataon upang kasama siyang mapuri sa mga pahayagan.

Sari-saring pagkain at inumin mula pa sa ibang bansa ang handa ni Kapitan Tiyago. Si Maria Clara nama'y pinasalubungan niya ng mga kagamitang may mamahaling bato. Bandang hapon na ng magkita sina Ibarra at Kapitan Tiyago.

Si Maria nama'y nagpaalam na mamasyal kasama ang mga kaibigan nitong dalaga. Niyaya ng mga ito si Ibarra at pinaunlakan naman ng binata ang paanyaya.

Ang Kapitan nama'y inanyayahan din si Ibarra na doon na sa kanila maghapunan dahil darating daw si Padre Damaso ngunit magalang naman itong tinanggihan ng binata.

Lumakad na kasama ng mga kadalagahan ang magkatipan at nang mapadaan sila kina Simang ay kanila rin itong niyaya na kaagad namang sumama sa kanila.

Sa liwasang bayan ay sinalubong sila ng isang ketongin na pinandirihan ng lahat. Si Maria'y naawa dito kaya ibinigay niya ang iniregalo ng ama sa kabila ng pagtataka ng mga kaibigan.

Lumapit naman si Sisa at kinausap ang ketongin. Kanyang itinuro ang kampanaryo at sinabing nandoon daw ang mga anak nito. Umalis ng pakanta-kanta si Sisa samantalang ang ketongin nama'y umalis na din dala ang bigay sa kanya ni Maria Clara.

Napag-isip-isip ni Maria na marami palang mga mahihirap at kapus-palad at iyon ay naging lingid sa kanyang kaalaman.

Talasalitaan:

- **Gula-gulanit** – punit-punit
- **Ikinasisiya** – apresyahin
- **Inangkat** – pinadala
- **Kinumbida** – inimbita
- **Nahabag** – naawa
- **Paniniwalang agnos** – pag-aalinlangan
- **Pinaunlakan** – pumayag
- **Relikaryong ginto** – antigo
- **Salakot** – sumbrero na parang isang maliit na payong

Kabanata 28 – Sulatan

Ang mga naganap sa kapistahan ng San Diego ay nalathala sa pahayagan sa Maynila. Kasama sa naiulat ang marangyang kapistahan ng bayan, mga kilalang tao sa San Diego, ang naganap na palatuntunan pati na rin ang musiko.

Nabalita rin ang mga pari at ang komedyang naganap sa bayan pati na ang mga mahuhusay nitong mga artista. Ang mga Kastila lamang ang nasiyan sa komedya dahil ito ay idinaos sa wikang Kastila. Nasiyahan naman ang mga Pilipino sa komedyang tagalog. Samatala, si Ibarra’y walang dinaluhan sa mga palabas na iyon.

Nagkaroon ng prusisyon para sa mga santo at santa kinabukasan kung saan ang misa ay pinamunuan ni Padre Manuel Martin.

Nagkaroon din ng sayawan na pinangunahan ng mag-ama na sina Kapitan Tiyago at Maria na ikinayamot naman ng dalaga.

Pagdaka’y sinulatan ni Maria Clara si Ibarra dahil ilang araw na niya itong hindi nakikita. Hiniling niyang siya ay dalawin ng binata at imbitahan siya nito sa pagpapasinaya ng bahay-paaralan na kanyang ipinatayo.

Talasalitaan:

- **Mamatnugot** – mamamahala
- **Masilayan** – makita
- **Nanonood ng komedya** – dulang katatawanan

Kabanata 29 – Ang Kapistahan

Handa na ang mga banda ng musiko umaga pa lang upang magbigay saya at salubungin ang kapistahan. Sinabay pa ang tunog ng kampana at mga siklab at pasabog ng paputok.

Samantalang ang mga tao sa bayan ay nagising na at nagsigayak para makiisa. Suot nila ang kanilang pinakamainan na kasuotan at mga alahas. Hinatak nila ang mga tao upang tikman ang masasarap na pagkaing kanilang hinanda.

Hindi naman sang-ayon dito si Pilosopo Tasyo. Aniya, paglulustay lamang ng salapi at pagpapakitang tao lamang ang pagsasaya sa araw na ito. Mas marami umano ang may kabuluhan na dapat pagkagastusan at isama pa diyan ang maraming hinaing ng bayan na hindi natutugunan.

Sang ayon naman naman si Don Filipino sa pananaw ng Pilosopo ngunit wala siyang lakas ng loob para salungatin ang mga pari.

Naghihintay na ang mga tao sa simbahan pati na rin ang at mga tanyag na tao sa San Diego.

Sinadya naman ni Padre Damaso na magkasakit upang higit na makakuha ng importansya mula sa lahat. Ang taga-pangasiwa ng simbahan ang nag-aalaga sa pari habang siya ay may sakit.

Bandang alas-otso ng umaga, sinimulan ang mahabang prusisyon ng iba't-ibang santo. Sa prusisyon ay makikita ang pagkakaiba ng antas o diskriminasyon sa lipunan. Kahit na ang mga nagpuprusisyon ay mga ginggon.

Sa tapat ng bahay ni Kapitan Tiyago natapos ang prusisyon na inaabangan naman ng ibang mga Kastila pati na rin nina Maria Clara at Ibarra.

Talasalitaan:

- **Hindi magkamayaw** – hindi mapakali
- **Bisperas** – ang araw bago dumating ang takdang araw ng pagdiriwang
- **Deboto** – panatiko
- **Kabaliwan** – kalokohan
- **Magpaumanhinan** – magpasensiyahan; Mag-unawaan
- **Mapukaw sa galit** – udyukan
- **Monasteryo** – sambahan
- **Nagkakawag** – nagkakaway; nagpupumiglas
- **Nahihiyasan** – napapalamutian
- **Nakasaksi** – nakakita
- **Napakataimtim** – tapat; sinsero
- **Sisidhi ang galit** – mag-iibayo
- **Umalma** – lumaban

Kabanata 30 – Sa Simbahan

Ang simbahan ay dinumog ng mga taong nagsisiksikan sa kabila ng init at iyakan ng mga bata. Ang misa ay bayad para sa kabanalan ng lahat sa halagang dalawang daan at limampung piso. Pinaniniwalaan noon na mas mabuti ng magbayad ng mahal sa misa kaysa sa komedya sapagkat ang misa ay makapagdadala ng kaluluwa sa langit samantalang impyerno naman sa komedya.

Samantala, hindi sinimulan ang misa hangga't hindi dumarating ang alkalde mayor na sinadya namang magpahuli upang higit na mapansin ng lahat. Nakasuot siya ng limang medalya na sagisag ng kanyang tungkulin.

Nang dumating ang alkade mayor ay nagsimula ang pagmimisa ni Padre Damaso. Sinamantala ng walang pakundangang pari ang paglibak sa nagmisa kahapon na si Padre Manuel Martin.

Siya daw ay higit na mahusay magmisa kaysa Padre Manuel Martin. Hangga't di siya natatapos magyabang ay hindi ito nagsimulang mag-sermon.

Talasalitaan:

- **Agua bendita** – binasbasang tubig ng binyag
- **Abaniko** – natitiklop na pamaypay
- **Altar mayor** – gitnang mayor
- **Angil** – pagalit na ungol na nagpapakilala ng pagtangga o pagtutol
- **Ansod** – angit
- **Dumudukwang** – pag-abot na inalapit ang katawan sa harap
- **Komedyante** – aktor ng komedya
- **Kuwaderno** – anyong aklat na talaan
- **Pandegala** – marangyang kasuotan sa mga tanging okasyon
- **Pulpito** – bahagi ng simbahan na pinagsesermonan ng pari

Kabanata 31 – Ang Sermon

Si Padre Damaso ay nagsimulang magsermon sa wikang Tagalog at Kastila mula sa isang sipi sa Bibliya.

Ang kabuuan ng kanyang sermon ay tumatalakay sa kanyang pagpupuri sa mga banal na santo ng simbahan, ang pagtulad kay Haring David, ang mapagwaging si Gideon, at si Roldan na isang tapat na mananampalataya.

Ngunit higit sa lahat, kasama sa kanyang sermon ang panlilibak ng pari sa mga Pilipino na binigkas niya sa wikang Kastila kaya walang kamalay-malay ang nakararami sa kahulugan ng kanyang mga sinasabi. Nagpatusada din si Padre Damso sa mga taong hindi niya gusto para ipahiya ang mga ito sa karamihan.

Dahil marami sa mga naroon ay walang naiintindihan sa pinagsasasabi ng pari, hindi na nila napigilang antukin at maghikab, kabilang sa mga ito si Kapitan

Tiyago.

Palihim namang nagsusulyapan sina Maria at Ibarra na kapwa ang mga mata'y nangungusap. Sa wakas ay sinimulan na rin ni Padre Damaso ang kanyang sermon sa wikang Tagalog.

Dito'y walang pakundangan nyang tinuligsa si Ibarra. Bagaman hindi niya pinangalanan kung sino ang kanyang tinutukoy ay halata namang si Ibarra ang kanyang pinatatamaan.

Hindi natuwa si Padre Salvi sa mga nagaganap kaya nagpakuliling na ito, hudyat para tapusin na ng pari ang kanyang sermon.

Tila walang narinig si Padre Damaso kaya nagpatuloy lamang ito sa kanyang walang kwentang sermon na umabot pa ng kalahating oras.

Samantala, sa loob ng simbahan ay palihim na nakalapit si Elias kay Ibarra at binalaan ito na mag-ingat at huwag lalapit sa bato na ibabaon sa hukay sapagkat maaari niya itong ikamatay.

Walang nakapansin ni isa sa pagdating at pag-alis ni Elias.

Talasalitaan:

- **Lagapay ang sarili** – isabay
- **Eskomulgado** – itiniwalag sa simbahan
- **Ihuhugos** – ihuhulog
- **Ipinalalaganap** – ikinakalat
- **Nagtimpi** – nagpigil
- **Naidlip** – nakatulog
- **Namumutawi** – lumalabas sa bibig
- **Tagapagtubos** – tagapagligtas

Kabanata 32 – Ang Panghugos

Ang taong dilaw ay nagkaroon ng demonstrasyon kay Nol Juan tungkol sa paggamit ng panghugos bago ganapin ang pagpapasinaya sa paaralan.

Ang nasabing istruktura ay may walong metro ang taas at ang apat na haligi ay nakabaon sa ilalim ng lupa. May apat na haligi ito na nasasabitan ng malalaking

lubid na kapag tiningnan ay para bang napakatibay ng pagkakayari.

Ang taong dilaw naman ay ipinagmamalaki na kanyang natutuhan ang ganitong paraan sa ninuno pa ni Ibarra na si Don Saturnino. Iminustra niya kung papaano itinataas at ibinababa ang batong malaki na siyang ibabaon sa hukay na napapagitnaan ng apat na haligi. Pinuri ito ng mga tao sa paligid at maging si Nol Juan ay hinangaan siya.

Dumating ang araw ng pagpapasinaya sa bahay-paaralan.

Naghanda ang mga guro at mag-aaral ng mga pagkain para sa mga panauhin. May banda din ng musiko.

Nagsimula nang basbasan ni Padre Salvi ang bahay-paaralan.

Ang mga mahahalagang kasulatan maging ang relikyang at iba pang mahahalagang bagay ay inilulan sa isang kahang bakal na ipinasok naman sa bumbong na yari sa tingga.

Ang nagko-kontrol sa bato ay ang lubid na may hukay sa gitna kung saan ilalagay ang tingga. Ang taong dilaw naman ang may hawak ng nasabing lubid.

Nagsibabaan ang lahat ng importanteng tao upang sumaksi nang magsimula na ang pari sa seremonya. Isa sa mga taong naroroon upang sumaksi sa okasyon ay si Elias at 'di winaglit ang tingin sa taong dilaw.

Pagbaba ni Ibarra upang makiisa sa pagsaksi ay humulagpos ang lubid mula sa kalo at kasabay nito ay ang pagkagiba ng balangkas.

Ilang saglit lang ay nasaksihan ng lahat na si Ibarra ay nakatayo sa pagitan ng nasirang kalo at ng malaking bato ngunit ang taong dilaw ay namatay.

Ipahuhuli sana ng alkalde si Nol Juan ngunit pinigilan siya ni Ibarra at sinabing siya na ang bahala sa lahat.

Talasalitaan:

- **Balangkas** – isang lagay ng lupa
- **Eskribano** – tagatala
- **Kalo** – “pulley”
- **Nalansag** – natanggal ng isa-isa ang mga piyesa

- **Nuno** – ingko o lolo
- **Palitada** – pantay at malinis na pagsisimento ng sahig o pader
- **Panghugos** – gamit pangbaba ng anuman mula sa mataas na kinalalagyan sa pamamagitan ng lubid na unti-unting pinauosos
- **Pasinaya** – inagurasyon
- **Umalimpuyo** – uli-uli ng tubig, hangin o usok

Kabanata 33 – Malayang Kaisipan

Si Elias ay palihim na dumating sa bahay ni Ibarra at sila'y nag-usap tungkol sa mga kaaway ng katipan ni Maria.

Kahit na ang hangad ay kabutihan, pinayuhan ni Elias si Ibarra dahil nagkalat ang kanyang kaaway. Nasabi rin nito ang kanyang pagkakatuklas sa balak na pagpatay ng taong dilaw kay Ibarra sa araw ng pagpapasinaya ng paaralan.

Lihim pa lang sinubaybayan ni Elias ang taong dilaw at nalaman niyang prinisinta nito ang sarili kay Nol Juan kahit maliit ang sahod kapalit ng kanyang mga kaalaman.

Si Ibarra nama'y nanghinayang sa maagang pagkawala ng taong dilaw dahil marami pa raw sana siyang matutuklasan kung ito ay nabubuhay lamang.

Salungat naman dito si Elias dahil tiyak niyang makaliligtas sa hukuman ang taong dilaw dahil sa kabulagan ng hustisya sa bayan.

Tila nagkaroon naman ng interes si Ibarra kay Elias dahil sa kanyang mga kaisipan na kakaiba kaysa ordinaryong mamamayan.

Napadpad naman ang kanilang usapan sa paniniwala sa Diyos na 'di tinanggi ni Elias na siya'y nawawalan na ng tiwala dito.

Maya-maya pa'y nagpaalam na rin si si Elias baon ang kanyang pangako ng katapatan kay Ibarra.

Talasalitaan:

- **Binalaan** – binantaan
- **Hatol** – husga
- **Isusuplong** – isusumbong

- **Kinikilingan** – kinakampihan
- **Nahulaan** – nalaman
- **Namangha** – nagandahan
- **Namanhik** – naligaw
- **Pagdusahan** – paghirapan
- **Tinugaygayan** – sinubaybayan o binabantayan
- **Tunggalian** – labanan

Kabanata 34 – Ang Pananghalian

Noong araw na iyon ay darating ang Heneral at tutuloy sa bahay ni Kapitan Tiyago. Magkakaharap na nananghalian ang mga taga San Diego.

Si Ibarra at ang alkalde mayor ay nasa magkabilang dulo ng hapag. Si Maria ay nasa gawing kanan ni Ibarra samantalang sa kaliwa naman niya ang eskribano. Nasa hapag din sina Kapitan Tiyago, iba pang mga kapitan sa bayan ng San Diego, mga pari, mga kawani ng pamahalaan at mga kaibigan nina Maria Clara at Ibarra.

Ang karamihan naman ay nagtaka dahil wala pa si Padre Damaso. Nag-uusap ang mga nasa hapag habang kumakain. Napag-usapan anila ang hindi pagdating ni Padre Damaso, ang kamangmangan ng mga magsasaka sa mga kubyertos, ang mga kursong nais nilang ipakuha sa kanilang mga anak, at marami pang iba.

Maya-maya’y dumating na si Padre Damaso at ang lahat doon ay bumati sa kanya liban kay Ibarra. Habang inihahanda ang serbesa ay nagsimula na ring patutsadahan ng pari si Ibarra.

Sisingit sana ang alkalde sa usapan upang maiba ang paksa ngunit ayaw papigil ng mayabang na pari. Tahimik lamang na nakikinig habang nagtitimpi ang binatang si Ibarra.

Tila nananadya si Padre Damaso dahil inungkat nito ang pagkamatay ng ama ni Ibarra. Sa pagkakataong ito’y hindi na pinalampas ng binata ang mga sinabi ng pari kaya naman muntik na niya itong saksakin.

Mabuti na lamang at pinigilan siya ni Maria kung kaya’t bumalik ang kahinahunan ni Ibarra at umalis na lamang.

Talasalitaan:

- **Ga-daling noo** – angking talino
- **Lipos** – batbat
- **Mapanlibak** – mapang-uyam
- **Mauklo** – matumba
- **Nanghihimagas** – nagmamamatamis
- **Pasaring** – parunggit
- **Perito** – arkitekto
- **Reverencia** – paggalang
- **Uldog** – kaimbihan

Kabanata 35- Mga Usap-usapan

Naging mainit na usapan sa buong bayan ng San Diego ang mga kaganapan sa nangyaring pananghalian. Karamihan ay pinanigan si Padre Damaso dahil kung nagtimpi lamang daw si Ibarra ay hindi sana iyon nangyari.

Tanging si Kapitan Martin lamang ang nakaunawa sa ikinilos ni Ibarra dahil walang sinuman ang hindi makapapagpipigil kung ang ama ang lalapastanganin.

Ipinapalagay naman ni Don Filipino na hinihintay daw ni Ibarra na tulungan siya sa taumbayan bilang pagtanaw ng utang na loob sa kabutihang nagawa niya at ng kanyang ama. Samantala, nanindigan ang kapitan ng bayan na wala silang magagawa sapagkat laging nasa katwiran ang mga prayle.

Ani Don Filipino, nangyayari ito dahil hindi nagkakaisa at watak-watak ang mga taumbayan samantalang ang mga prayle at mayayaman ay nagkakabuklod-buklod.

Natakot naman ang mga matatandang babae sa bayan dahil kung 'di nila panigan si Padre Damaso ay baka mapunta sila sa impyerno.

Nalugod naman si Kapitana Maria sa pagtatanggol ng binata sa kanyang ama. Ang mga magsasaka'y biglang nawalan ng pag-asa dahil baka hindi matuloy ang paaralan. Kapag nangyari iyon ay baka hindi makatapos sa pag-aaral ang kanilang mga anak.

May kumakalat na baka hindi na matutuloy ang pagpapatayo ng simbahan sapagkat tinawag na pilibustero ng prayle si Ibarra. Hindi naman maintindihan ng mga magsasaka ang kahulugan ng Pilibustero.

Talasalitaan:

- **Lumaganap** – kumalat
- **Hampaslupa** – dukha
- **Inaalipusta** – inaabuso o pinapahirapan
- **Kaaliwaswasan** – kalokohan
- **Malakas na ibinulaslas** -biglang pagsabi
- **Mapusok** – agresibo
- **Nanlumo** – nanghina
- **Pagtimpi** – pagtitiis o pagpigil sa sarili
- **Sumabad** – sumagot
- **Tigmak ng dugo** – punong-puno ng dugo

Kabanata 36 – Ang Unang Suliranin

Dumating ng walang abiso ang Kapitan Heneral sa bayan nila Kapitan Tiyago kung kaya naging abala ang lahat sa paghahanda upang maibigay ang nararapat na pag-istima sa panauhin.

Sinamantala ng lahat ang nalalabing oras upang makapag-gayak maliban kay Maria Clara na patuloy ang pagtangis dahil sa pagbabawal ng kanyang ama na makipagkita kay Ibarra hanggat hindi ito ekskomunikado. Balewala ang pag-aalo sa kanya nina Tiya Isabel at Andeng.

Iminungkahi ng kanyang Tiya na maari silang sumulat sa Papa at magbigay ng malaking halaga upang mapawalang bisa ang ipinataw sa binata. Nagprisinta naman si Andeng na gagawa umano ng paraan upang magkausap ang magkasintahan.

Nagpunta si Kapitan Tiyago sa kumbento at inihayag nito kay Maria Clara ang desisyon ni Padre Damaso na sirain ang nakatakdang pakikipag-isang dibdib nito kay Ibarra.

Ipinag-utos naman ni Padre Sibyla na huwag nang tanggapin sa kanilang tahanan ang binata. Kahit daw ang utang ng kapitan na limampung libong piso

ay hindi rin dapat bayaran dahil ang kapalit nito ay kamatayan ng kaluluwa sa impyerno.

Lalong nagdalamhati si Maria sa mga narinig. Inalo ni Kapitan Tiyago ang anak at sinabing si Padre Damaso ay may inilaan sa kanyang isang binata na kamag-anak nito na manggagaling pa mula sa Europa.

Nasindak nang lalo ang dalaga at maging ang kanyang Tiya Isabel ay nagalit sa Kapitan kaya pinagsabihan niya ito na hindi parang damit na isinusuot ang magpalit ng katipan.

Hindi rin pumayag si Kapitan Tiyago ng imungkahi ni Tiya Isabel na sulatan nito ang Arsobispo. Ayon kay Kapitan Tiyago ay hindi naman sila nito pakikinggan kundi ang desisyon lamang ng mga pari. Pagkatapos nito'y bumalik na sa paghahanda sa bahay ang Kapitan samantalang si Maria ay pumasok na sa kanyang silid.

Ilang sandali pa'y dumating na rin ang Kapitan Heneral at napuno na rin ang bahay ni Kapitan Tyago ng mga panauhin. Taimtim na nananalangin si Maria ng siya ay pasukin ni Tiya Isabel dahil ipinatatawag daw ito ng Kapitan Heneral. Pagdaka'y sumunod naman ang dalaga.

Talasalitaan:

- **Ekskomunyon** – pagtitiwalag sa simbahang Katoliko.
- **Nawalan ng ulirat** – hinimatay
- **Pahiwatig** – mga 'di tiyak o tagong pahayag o kaya'y mga kilos o galaw ayon sa pagpapakahulugan ng mga tao
- **Yagbols** – pinalakas-loob

Kabanata 37 – Ang Kapitan Heneral

Ipinahanap agad ng Kapitan Heneral si Ibarra pagkarating niya. Kinausap niya ang binata na nakagalitan ni Padre Damaso ng ito ay lumabas sa kalagitnaan ng sermon.

Akala ng binata ay sasamain siya sa Kapitan Heneral ngunit matapos niya itong kausapin ay nakangiti itong lumabas ng silid. Tanda ito ng mabuting ugali ng Kapitan-Heneral na mayroong panahon basta sa katarungan.

Sumunod na kinausap ng Kapitan Heneral ang mga prayle na sina Padre Sibyla, Padre Martin, Padre Salvi at iba pa. Nagpakita ng paggalang ang mga ito sa pamamagitan ng pagyuko maliban kay Padre Sibyla samantalang si Padre Salvi naman ay halos mabali na ung baywang sa pagkakayuko. Kanilang binanggit ang pagkakasakit ni Padre Damaso kaya wala siya doon.

Sumunod na nagbigay galang sina Kapitan Tiyago at Maria Clara na pinapurihan ng Heneral dahil sa katapangan nito sa paggitna sa away ni Ibarra at Padre Damaso, maging ang pagbabalik ng hinahon ng binata dahil na rin sa kanya. Nabanggit ng Heneral na dapat siyang gantimpalaan dahil sa kanyang ginawa na agad namang tinanggihan ng dalaga.

Ilang sandali pa'y dumating na si Ibarra upang makausap ng Heneral. Nagpaalala naman si Padre Salvi na ang binata ay ekskomulgado ngunit 'di naman ito pinansin ng Heneral. Sa halip ay ipinaabot niya sa pari ang pangangamusta nito kay Padre Damaso. Umalis ang mga pari na hindi nagustuhan ang ipinakita ng Heneral.

Binati ng Heneral si Ibarra at pinuri ang ginawang pagtatanggol nito sa ala-ala ng kanyang ama. Ayon sa Heneral ay kakausapin niya ang Arsobispo tungkol sa pagiging ekskomulgado ng binata.

Napansin naman ng Heneral ang pagiging balisa ni Maria kaya sinabi nitong nais niyang makaharap ito bago umaalis patungong Espanya. Ipinaabot naman nito sa alkalde na samahan siya sa paglilibot.

Base sa pag-uusap ng binata at ng Heneral ay mapapansin na kilala ni Ibarra pati ang pamilya ng Kapitan Heneral sa Espanya. Namanghanga rin ang Heneral sa katalinuhan ng binata na di umano bagay ang kaisipan sa Pilipinas. Anang Heneral, ipagbili na lamang daw ni Ibarra ang lahat ng kanyang ari-arian at sa Espanya na lamang manirahan dahil ang katalinuhan umano nito ay nararapat lamang sa kaunlaran ng ibang bansa.

Bagay na di sinang-ayunan ni Ibarra dahil ayon sa kanya ay higit na matamis ang mamuhay sa sariling bayan. Maya-maya'y binanggit ng Heneral kay Ibarra na kausapin si Maria at inihabilin na papuntahin sa kanya si Kapitan Tiyago.

Umalis na si Ibarra upang puntahan si Maria. Samantala, sinabi ng Heneral sa Alkalde Mayor na protektahan ang binata upang maisakatuparan nito ang kanyang mga layunin at tumango naman ang Alkalde bilang pagsunod.

Ilang sandali pa'y dumating na si Kapitan Tiyago. Pinuri ng Heneral ang pagkakaroon nito ng mabuting anak at mamanugangin. Nagprisinta rin ang Heneral na maging ninong sa kasal ng dalawa.

Kaagad namang hinanap ni Ibarra si Maria at nagtungo sa silid ng dalaga. Kumatok siya sa pintuan ng silid ngunit ang sumagot sa kanya ay si Sinang at sinabing isulat na lamang niya ang gusto niyang sabihin Kay Maria Clara sapagkat papunta na sila sa dulaan.

Talasalitaan:

- **Ekskomunikado** – taong tiniwalag sa simbahan kaya't hindi dapat pakitunguhan ng sinumang katoliko
- **Kimi** – nahihiya
- **Kinalulugdan** – kinatutuwa
- **Nagkasala** – nagkamali
- **Nanghihinawa** – nagsasawa
- **Pagbubunsod** – nag-uudyok
- **Paghihidwaan** – pag-aaway
- **Pinalagos** – pinadaan
- **Sigalot** – gulo

Kabanata 38 – Ang Prusisyon

Ang sunod-sunod na pagtunog ng kampana at mga paputok ay hudyat ng pagsisimula ng prusisyon. May dala-dalang kandila at parol ang lahat ng nakiisa dito.

Para sa mga santong sina San Juan Bautista, San Francisco, Santa Maria Magdalena, San Diego De Alcalá at Mahal na Birhen ang prusisyon. Hinihila ng anim na Hermano Tercero ang karo ni San Diego.

Magkakasamang naglalakad ang Kapitan Heneral, mga Kagawad, Kapitan Tiyago, Alkalde, Alperes at Ibarra na napilitan lamang sumama dahil sa pag-imbata sa kanya ng Heneral.

Inihinto ang mga karo at andas ng mga santo sa tapat ng bahay ni Kapitan Tiyago kung saan may isang kubol sa pagdadarausan ng pagbigkas ng tulang papuri o loa sa pintakasi ng bayan.

Ang pila ng prusisyon ay pinangungunahan ng tatlong sakristan na sinundan ng guro, mag-aaral at mga batang may dala-dalang parol na papel.

Isang batang lalaki na may pakpak, nakabotang pangabayo, nakabanda at may bigkis ang lumabas upang simulan ang pagpupuri sa wikang Latin, Kastila at Tagalog.

Kasunod nito'y ang pag-awit ni Maria Clara ng Ave Maria kung saan ang lahat ay nabighani sa ganda ng kanyang tinig. Dama naman ni Ibarra ang pighating nararamdaman ng kanyang kasintahan sa boses nito.

Sandaling napukaw ang atensyon ng binata ng ito ay kausapin ng Kapitan-Heneral tungkol sa imbitasyong makasalo siya sa pagkain kung saan kanilang pag-usapan ang pagkawala ng dalawang sakristan na sina Crispin at Basilio.

Talasalitaan:

- **Andas** – karo ng santo
- **Inutil** – mang-mang
- **Nagmumuni-muni** – nag-iisip
- **Nakatutulig** – nakabibingi
- **Sagabal** – problema

Kabanata 39 – Si Donya Consolacion

Asawa ng Alperes si Donya Consolacion na nagpipilit maging mukhang taga-Europa sa pamamagitan ng paglalagay ng kolorete sa mukha at pagsasalita sa wikang Kastila. Naniniwala siyang higit ang kanyang kagandahan kaninuman kahit pa kay Maria Clara at mataas din ang tingin niya sa kanyang sarili.

Si Donya Consolacion ay dating labandera na nakapag-asawa ng isang kawal na naging Alperes ngayon. Mababakas din sa kanyang ugali ang pagiging salat sa edukasyon.

Noong araw na iyon ay iniutos ng Donya na isara ang kanilang bahay sa kabila ng alam nitong tatapat ang prusisyon sa kanila. Buong araw siyang nagngitngit sa asawa dahil sa hindi nito pagpayag na sila ay magsimba. 'Di rin lingid sa kanyang kaalaman na ikinahihiya siya ng asawa bukod pa ang lantarang pag-alipusta at pagmura nito sa kanya.

Nagdidili-dili ang Donya ng marinig nito ang pag-awit ni Sisa mula sa kulungan. Siya ay dalawang araw nang nakakulong doon. Sa wikang Kastila ay inutusan niya si Sisa na umakyat ngunit dahil sa hindi niya ito naintindihan ay 'di niya sinunod ang utos ng Donya.

Nagalit si Donya Consolacion at ibinuhos kay Sisa ang lahat ng galit nito sa asawa. Nilatigo niya ito at inutusang kumanta ang kawawang baliw. Napasigaw man sa sakit ay 'di pa rin sinunod ni Sisa ang utos ng Donya.

Sa yamot ng Donya ay inutusan niya ang gwardiya sibil na pakantahin si Sisa. Sinunod naman ito ng babae at umawit ng Kundiman ng Gabi. Sa pagkaantig ng damdamin ng Donya ay nawala sa isip nito na magsalita sa Tagalog na ikinagulat ng gwardya sibil. Agad naman itong napansin ng Donya kaya pinaalis niya ang gwardya.

Muli niyang hinarap si Sisa upang pasayawin. 'Di na naman ito sinunod ng babae kaya siya'y nilatigo ng Donya at inutusan namang kumanta.

Dahil sa pangyayaring ito'y nabuwal si Sisa at nahubaran ng damit kasabay ng pagdugo ng kanyang sugat. Ang pangyayaring ito'y nadatnan ng Alperes at nagalit ito sa nasaksihan.

Dahil dito'y inutusan niya ang isang kawal na bihisan at pakainin si Sisa, alagaan, at gamutin din ang mga sugat. Nakatakdang ihatid si Sisa kay Ibarra kinabukasan kaya naman siya'y inalagaan ng Alperes.

Talasalitaan:

- **Kabuktutan** – kalupitan
- **Nakaririwasa** – nakaluluwag

Kabanata 40 – Ang Karapatan at Lakas

Sinimulan nang sindihan ang mga kuwitis bandang ika-sampu ng gabi at ito'y hudyat na ng pagsisimula ng dula. Si Don Filipino ang nangasiwa sa gabi ng pista.

Noong mga oras na iyon ay magkausap sina Tinyente at Pilosopo Tasyo tungkol sa pag-ayaw ng Don sa kanyang tungkulin. Hindi tinanggap ng Kapitan ang pagbibitiw ng Tinyente kaya masama ang loob niya dito.

Maya-maya pa'y nagsidatingan na ang mga malalaking tao sa bayan kung kaya't nagsimula na ang palabas na pinangunahan nina Chananay at Marianito ng 'Crispino dela Comare'.

Habang ang lahat ay nakatuon ang pansin sa dula ay lantaran namang nakatitig kay Maria Clara si Padre Salvi. Sinisimulan na ang ikalawang bahagi ng dula nang dumating si Ibarra.

Ang kanyang pagdating ay nakatawag sa pansin ng mga pari kaya hiniling ng mga ito kay Don Filipino na paalisin ang binata. Tinutulan naman ito ni Don Filipino dahil higit siyang takot na suwayin ang utos ng Kapitan Heneral kaysa sa utos nila. Isa pa'y malaki rin ang abuloy na ibinigay ni Ibarra.

Dahil sa inis ay ang mga pari ang umalis sa kalagitnaan ng dula. Ilang saglit pa at si Ibarra naman ang nagpaalam sa mga kadalagahan lalo na kay Maria Clara upang puntahan ang nalimutang tipanan. Nangako siyang babalik bago matapos ang dula.

May lumapit na dalawang gwardya sibil kay Don Filipino sa kalagitnaan ng dula at iniutos na itigil ang palabas sapagkat nabubulahaw sa pagtulog sina Donya Consolacion at ang Alperes. 'Di naman ito mapagbigyan ng Don Filipino kaya pagdaka'y nagkaroon ng gulo.

Dahil sa pagtatangkang pagpapatigil sa mga musikero ay hinuli ng mga kuwadriyero sa tribunal ang dalawang gwardya sibil. Sakto namang nakabalik na si Ibarra sa mga sandaling iyon at hinanap kaagad ang katipan. Kumapit ang dalaga sa bisig ng binata samantalang si Tiya Isabel na kaniyang kasama ay naglitanya ng panalangin.

Sa galit ng mga kalalakihan ay pinagbabato nila ang dalawang gwardya sibil. Huminahon lamang ang mga ito sa pakiusap ni Elias na inabisuhan ni Ibarra dahil wala silang magagawa ni Don Filipino sa bagay na iyon.

'Di nakaligtas ang mga pangyayari sa pagmamanman ni Padre Salvi na ibinalita rin ng kanyang tauhan. Nawalan ng malay tao si Maria Clara sa kanyang pangitain at si Ibarra naman ang bumuhay sa dalaga.

Base sa kanyang nakita ay nagmistula itong baliw at nagtatakbo papunta sa bahay ni Kapitan Tiyago upang makasiguro na hindi totoo ang kanyang takot.

Nakahinga lamang siya ng maluwag nang makita niya ang anino nina Maria Clara at Tiya Isabel mula sa labas ng bahay ng Kapitan. Nang masigurong hindi kasama ng dalaga si Ibarra ay umuwi na rin ito.

Talasalitaan:

- **Alingasngas** – kaguluhan
- **Langkay** – pangkat-pangkat
- **Nabanaagan** – nakitaan o naaninawan

Kabanata 41 – Dalawang Panauhin

Nang gabing iyon ay hindi dinalaw ng antok si Ibarra. Siya'y balisa sa kaguluhang naganap kaya nilibang na lamang nito ang sarili sa paggawa sa kanyang laboratoryo.

Maya-maya'y biglang dumating si Elias upang ipaalam kay Ibarra na si Maria ay may sakit at kung may ipagbibilin ito bago siya pumunta sa Batangas. Ipinaliwanag din niya kay Ibarra kung paano niya napatigil ang kaguluhan noong gabing iyon.

Aniya, kilala daw umano niya ang magkapatid na gwardia sibil kaya naman napahinuhod ang dalawa dahil sa kanilang utang na loob dito. Ilang sandali pa'y umalis na rin si Elias.

Si Ibarra nama'y nagmamadaling gumayak upang pumunta sa bahay ni Kapitan Tiyago. Habang naglalakad ay nakasalubong ni Ibarra ang kapatid ng taong dilaw na si Lucas.

Kinulit siya nito tungkol sa makukuhang salapi ng kanilang pamilya dahil sa pagkamatay ng kanyang kapatid. Siya nama'y sinagot ng maayos ni Ibarra na magbalik na lamang sa isang araw dahil papunta siya sa maysakit.

Ngunit talagang mapilit si Lucas kaya bago pa man mawala ang pagtitimpi ni Ibarra ay tumalikod na lamang ito. Naiwang nagpupuyos ang kalooban ni Lucas at inisip na iisa ang dugong nananalaytay sa ugat nina Ibarra at ng lolo nito na nagparusa sa kanilang ama.

Para sa kanya'y maari lamang silang maging magkaibigan kung magkakasundo sila sa salaping ibabayad ni Ibarra.

Talasalitaan:

- **Binalot ng kalungkutan** – napuno ng kalungkutan
- **Katipan** – kasintahan
- **Laboratoryo** – isang lugar kung saan gumagawa ng mga eksperimento
- **Mababalasik** – mababangis
- **Maiwaglit** – maialis
- **Nahihirinan** – nabubulunan
- **Naibulalas** – biglang nasabi
- **Nasawata** – napigilan
- **Natubigan** – natigilan
- **Pumaslang** – pumatay , pagpatay
- **Viatico** – komunyon na ibinibigay sa may mga karamdaman

Kabanata 42 – Ang Mag-asawang De Espadaña

Sa bahay ni Kapitan Tiyago ay mababanaag ang lungkot dahil may sakit si Maria Clara. Ang mag-pinsang sina Tiya Isabel at Kapitan Tiyago ay nag-usap kung alin ang mabuting bigyan ng limos upang gumaling kaagad ang karamdaman ni Maria; ang krus ba sa Tunasan na lumaki, o ang krus sa Matahong na nagpapawis? Sa bandang huli’y napagdesisyunan ng mag-pinsan na pareho na lamang bigyan ng limos ang dalawa.

Natigil lamang ang pag-uusap nila ng mayroong dumating sa tapat ng kanilang bahay. Ito pala’y sina Doktor Tiburcio de Espadaña na inaanak ng kamag-anak ni Padre Damaso at tanging kalihim ng lahat ng ministro sa Espanya. Kasama nito ang kaniyang asawa na si Donya Victorina de Espadaña pati na rin si Linares.

Pagkatapos ipakilala ni Donya Victorina si Linares ay sinamahan sila ni Kapitan Tiyago sa kani-kanilang silid.

Aakalain mong isang Orofea si Donya Victorina sa biglang tingin. Siya’y apatnapu’t limang taong gulang ngunit ipinamamalita niyang siya’y tatlumpu’t dalawa lamang. Masasabing maganda ang Donya noong kanyang kabataan. Pangarap niya noon pa man na makapangasawa ng dayuhan.

Nais niyang mapabilang sa mataas na antas ng lipunan ngunit ang napangasawa niya ay isang mahirap pa sa daga na Kastila at ito ay si Tiburcio,

tatlumpu't limang taong gulang ngunit mas mukha pang matanda kaysa kay Donya Victorina.

Sakay sa barkong Salvadora si Tiburcio ng narating niya ang Pilipinas. Dumanas ng katakut-takot na pagkahilo sa barko si Tiburcio at nabalian pa ng paa. Dahil dito'y nahihya na siyang bumalik sa Espanya at ipinasyang manatili na lamang sa Pilipinas.

Eksaktong ika-15 araw niya sa bansa ng matanggap siya sa trabaho dahil na rin sa tulong ng mga kababayang Kastila. Wala siyang aral kaya pinayuhan siya ng mga kababayan na humanap nang magandang kapalaran sa mga lalawigan at magpanggap na isang mediko. Ang tanging puhunan lamang nya ay ang pagiging kastila. Nahihya man at ayaw sanang sundin ang payo sa kanya ngunit dala ng kagipitan ay wala siyang mapagpipilian kundi sumunod na lamang.

Dati siyang nagtatrabaho sa pagamutan ng San Carlos bilang tagapagbaga ng mga painitan at tagapaspas ng alikabok sa mga mesa at upuan. Wala talagang kaalam-alam sa panggagamot si Tiburcio.

Sa mga unang panggagamot niya ay mababa lamang ang singil nito. Sinamantala niya ang pagtitiwala sa kanya ng mga indio kaya 'di nagtagal ay pataas na ng pataas ang singil niya sa kanyang mga pasyente.

Sa kalaunan ay isinumbong siya sa Protomediko de Manila ng mga tunay na mediko. Tuloy-tuloy na sana ang kanyang pagyaman ngunit dahil sa pangyayari'y nawalan siya ng mga pasyente. Babalik na sana siya sa pamamalimos sa mga kakilala at mga kababayan ngunit napangasawa naman niya si Donya Victorina.

Lumipat sa Santa Ana ang mag-asawa at doon na din idinaos ang kanilang pulo't gata. Pagkalipas ng ilang araw ay bumili ng aranya at karomata si Donya Victorina at matutuling kabayo mula sa Albay at Batangas upang magamit nilang mag-asawa.

Si Tiburcio ay binihisan niya ng husto upang magmukhang kagalang-galang samantalang ang Donya ay nagsimulang maging ilusyunada bilang isang Orofea. Naglagay din siya ng mga palamuti sa katawan upang magmukhang Espanyola.

Makalipas ang ilang buwan ay ipinamalita niyang siyang naglilihi at sa Espanya manganganak dahil ayaw niyang matawag na rebolusyunaryo ang magiging anak. Dinagdagan din ng 'de' ang kanyang pangalan kaya naman nakalimbag sa mga tarheta nito ang Victorina delos Reyes de Espadaña.

Naunsiyami ang pagbubuntis na inaasahan ng Donya kaya kahit pa nagpahilot na ito at nagpatingin sa manggagamot ay wala ring nangyari. Wala siyang nagawa kundi ang manatili sa lupain na kung tawagin niya ay "lupain ng mga salbahe."

Dahil sa mga pangyayaring ito'y sa asawa niya ibinunton ang sisi. Para namang maamong kordero ang Don na kahit na anong gawin ng Donya ay hindi mo ito makakarigan ng reklamo. Kapag nagagalit ang Donya ay nilalabnot niya ang pustiso ng asawa at kung minsan nama'y hindi niya ipinapahintulutang lumabas ng bahay.

Isang araw ay naisip ng Donya na dapat maglagay ang asawa ng titulong medicina at cirugia. Tutulan man ito ng "Ander de Saya" na si Don Tiburcio ay wala pa rin siyang nagawa.

Sa marmol na karatula ay nagpaukit ang Donya ng mga katagang DOCTOR DE ESPADAÑA, ESPECIALISTA EN TODA CLASE DE ENFERMEDADES, at ito ay ikinabit sa kanilang bahay.

Dahil sa walang tiwala sa mga Pilipino ang Donya ay kumuha din siya ng Kastilang katiwala sa kanyang mga ari-arian. Ipinasundo naman ng Don ang kanyang pamangkin na nag-aaral ng pagkamanananggol sa gastos ng kanyang asawang Donya.

Habang sila ay nagmimiryenda ay dumating si Padre Salvi. Matagal nang kakilala ng mag-asawa ang pari kaya si Linares na lamang ang ipinakilala nila rito.

Agad namang dinalihan ng pamimintas ng Donya Victorina ang mga taga-lalawigan at ipinangalandakan na kaut-utang dila niya ang alkalde at ng iba pang nasa mataas na poder ng estado.

Namangha ang Donya ng sabihin ni Kapitan Tiyago na kadadalaw lamang ng Kapitan-Heneral sa kanilang bahay. Bagay na halos 'di mapaniwalaan ng Donya kaya nasabi nitong sayang at hindi kaagad nagkasakit noon si Maria upang nakadaupang-palad sana niya ang Heneral.

Matapos ang kanilang pag-uusap ay nagtungo na sila sa silid ni Maria Clara na binabantayan naman ng kanyang dalawang kaibigan. Agad na pinulsuhan ng Don si Maria at tiningnan ang dila. Sinabi niyang mapapagaling niya ang dalaga.

Ang iniresta niyang gamot ay liquen at gatas, Jarabe de altea at dalawang pildoras de Cinaglosa. Sinamantala na rin ng Donya ang pagkakataon para ipakilala si Linares kay Maria na noo'y nabighani na sa kagandahan ng dalaga.

Saglit namang naputol sa walang kurap na pagkakatitig ni Linares sa dalaga ng sabihin ni Padre Salvi na dumating na si Padre Damaso na kagagaling rin lang sa sakit.

Talasalitaan:

- **Agua de Colonia** – pabango
- **Cinoglosa** – isang uri ng gamot
- **Ekstremadura** – pook na nasa kalagitnaan at kanluran ng Espanya at binubuo ng mga lalawigang Badahos at Kaseres
- **Mahumpak** – nanlalalim, malalim
- **Nakadaupang-palad** – nakasama
- **Napahinuhod** – napapayag
- **Napatiwalag** – humiwalay, umalis
- **Nasilo** – nabulag
- **Quinto** – panglima
- **Upaw** – kalbo, panot

Kabanata 43 – Mga Balak o Panukala

Tuloy-tuloy sa silid ng dalaga si Padre Damaso na halata sa mukha ang pag-aalala kay Maria Clara. Siya'y nanangis at sinabi sa anak na hindi ito mamamatay.

Nagtaka naman ang lahat sa ipinakita ng pari at 'di nila akalain na sa kabila ng magaspang nitong pag-uugali ay marunong pala itong umiyak at malambot din ang kalooban. Kanila ring naisip na mahal na mahal ni Padre Damaso si Maria Clara.

Ilang sandali pa'y tumayo na ito at pumunta sa silong ng balag upang doon managhoy. Nang naibsan ang damdamin ni Padre Damaso ay sinamantala ito ni

Donya Victorina at ipinakilala si Linares.

Anang Donya, inaanak si Linares ni Carlicos na bayaw ni Padre Damaso. Iniabot na rin ni Linares ang sulat sa pari kung saan nakasaad na naghahanap siya ng mapapangasawa at trabaho.

Ayon kay Padre Damaso, madali lamang matatanggap si Linares dahil ito ay naging abogado sa Universidad Central. Sa usapin naman ng mapapangasawa ay iminungkahing kakausapin ng pari si Kapitan Tiyago. Ito nama'y ikinalungkot ni Padre Salvi.

Samantala, si Lucas ay pumunta kay Padre Salvi para isangguni ang marapat na katarungan para sa kanyang kapatid. Pilit na pinapatulo ni Lucas ang kanyang luha at umarte pang tila kawa-awa upang kahabagan siya ng pari. Sinabi pa niya na binigyan lamang siya ng limang-daang piso ni Ibarra kapalit ng buhay ng kanyang yumaong kapatid.

Di naman natuwa ang pari sa ipinakitang kaartehan ni Lucas kaya pinagtabuyan niya ito. Walang nagawa ang bubulong-bulong na oportunistang si Lucas na napahiyang nilayasan ang pari.

Talasalitaan:

- **Balag** – gapangan ng mga tanim
- **Hampaslupa** – mahirap, patay gutom
- **Ibinulalas** – humagulgol
- **Kulang-palad** – walang swerte
- **Nabagabag** – nabalisa
- **Namangha** – nagulat
- **Namuhay nang matiwasay** – payapa
- **Natubigan** – nawalan ng kibo
- **Pagkutya** – paghamak, pag-alipusta
- **Sinambit** – nabanggit

Kabanata 44 – Pagsusuri ng Budhi

Mataas pa rin ang lagnat ni Maria Clara at sa tuwing ito'y magdedeliryo ay binabanggit ng dalaga ang pangalan ng kanyang ina. Sina Tiya Isabel naman kasama ng kanyang mga kaibigan ay patuloy siyang inaalagaan samantalang si

Kapitan Tiyago ay walang tigil na nagpapamisa at nag-aabuloy. Ang pinakahuli ay ang pagbibigay niya ng tungkod na ginto sa Birhen ng Antipolo.

Makaraan ang ilang araw kasabay ng pag-inom ng gamot na nireseta ni Don Tiburcio ay humupa ang mataas na lagnat ni Maria Clara. Ito'y ikinatuwa ng mag-asawa kaya naman hindi muna pinagdiskitahan ng Donya si Tiburcio.

Napag-usapan nina Padre Salvi, Kapitan Tiyago at mag-asawang Espadaña na malilipat sa parokya ng Tayabas si Padre Damaso. Ani Kapitan Tiyago, ikalulungkot umano ni Maria ang nalalapit na pagkakalipat sa pari dahil para na rin niyang ama ito. Dagdag pa niya, bunga ng mga kaguluhan sa nangyari noong gabi ng pista ang dahilan ng pagkakasakit ng dalaga.

Natuwa naman ang pari na ayon sa kanya ay mainam nga na hindi nagkikita sina Ibarra at Maria Clara dahil tuluyan itong gumaling. Ito nama'y sinalungat ni Donya Victorina at sinabing ang nakapagpagaling kay Maria ay ang panggagamot ni Don Tiburcio. 'Di naman nagpatalo ang pari at sinabing higit na nakagagaling ang pagkakaroon ng malinis na budhi kaysa mga gamot.

Dahil sa pagkapikon ay iminungkahi ni Donya Victorina na gamuting ng kanyang kumpisal ang nakababanas na si Donya Consolacion. Dito'y wala nang naisagot ang pari kaya naman tinagubilinan na lamang niya si Kapitan Tiyago na ihanda na si Maria para sa pangungumpisal. Ipinabigay rin niya ang beatico upang lubusan itong gumaling.

Oras na para uminom ng gamot si Maria. Ininom niya ang pildoras na mula sa bumbong ng Kristal na ititigil lamang ng dalaga kapag nakaramdam na ng pagkabingi.

Samantala, nalaman naman ni Maria kay Sinang na kaya hindi pa makasulat sa kanya si Ibarra ay dahil abala ito na mapawalang bisa ang kanyang pagiging ekskomulgado.

Maya-maya pa'y dumating na si Tiya Isabel upang ihanda si Maria sa pangungumpisal at pati na rin ang kalooban nito tungkol sa paglimot kay Ibarra.

Nagsimula na ang pangungumpisal ng dalaga. Sa obserbasyon ng kanyang Tiya ay tila halata kay Padre Salvi na hindi ito nakikinig sa sinasabi ni Maria Clara bagkus ay matiim itong nakatitig sa dalaga na para bang inaalang ang nasa isip nito.

Nang matapos ang kumpisalan ay lumabas si Padre Salvi na nakapangunot noo, namumutla, pawisan, at kagat-labi.

Talasalitaan:

- **Ibinulalas** – inilabas
- **Impit** – mahina at pigil na tunog
- **Mahinay** – malumanay
- **Matiwasay** – payapa
- **Matutunghayan** – makikita
- **Namangha** – nagulat
- **Nauuntol** – nauutal
- **Pagsusuri sa Budhi** – pagsusuri ng konsyensya
- **Tagaktak** – basa
- **Terasa** – balkonahe

Kabanata 45 – Ang mga Pinag-uusig

Sa isang yungib sa kagubatan ay natagpuan din sa wakas ni Elias si Kapitan Pablo. Anim na buwan din silang hindi nagkita at may dalawang linggo na rin ang nakalipas nang malaman ni Elias ang sinapit ng Kapitan.

Malapit silang dalawa sa isa't isa at tinuturing din niyang isang ama ang Kapitan. Pareho rin silang nag-iisa na sa buhay kaya sinubukang kumbinsihin ni Elias ang Kapitan na isama ito sa mga lupain ng katutubo upang makapamuhay ng payapa ang matanda at makalimot sa sinapit ng kanyang pamilya.

Tinanggihan ni Kapitan Pablo ang paanyaya ni Elias dahil naninindigan siya na ipaghiganti ang masaklap na nangyari sa kanyang mga anak sa kamay ng mga dayuhan. Ayon sa kanya ay hindi siya matatahimik hangga't hindi nagkakaroon ng katarungan ang kaawa-awang sinapit ng kanyang pamilya.

May tatlong anak ang matanda, dalawang lalaki at isang babae. Ang anak niyang dalaga ay pinagsamantalahan ng isang alagad ng simbahan kaya ang isa niyang anak na lalaki ay nag-imbetiga sa nangyari. Nagpunta ito sa kumbento ngunit tila nagkaroon umano ng nakawan doon kaya naman pinagbintangan ang kanyang anak na lalaki.

Datapwat hindi man napatunayan ang nasabing nakawan ay hinuli pa rin ito at ibinitin, at nakatikim pa ng pagpapahirap sa kamay ng mga awtoridad. 'Di na

tinugon ng Kapitan ang mga sigaw ng pagtawag ng kanyang anak sapagkat noon ay mas nanaig ang kanyang kaduwagan at pagnanais sa mapayapang buhay. Ni hindi man lang naparusahan ang kura bagkus ay inilipat lamang sa ibang lugar.

Samantala, ang isa naman niyang anak na lalaki ay pinaghinalaang maghihiganti. Isang araw ay hindi nito nadala ang kanyang sedula kaya hinuli ito ng mga sibil. Siya'y pinahirapan at ng 'di na makayanan ang mga pangyayari ay kinitil nito ang sariling buhay.

Para sa Kapitan ay wala nang mahalaga sa kanya kundi ang ipaghiganti ang sinapit ng kanyang mga anak. Aniya'y lulusob sila sa bayan sa tamang oras kasama ang iba pang mga kapus-palad na pinag-uusig din ng pamahalaan.

Ito nama'y nauunawaan ni Elias kaya nasa Kapitan ang simpatya nito. Minsan na ring hinangad ni Elias na makapaghiganti ngunit kinalimutan na lamang niya ito dahil sa kagustuhang wala ng madamay pa dito.

Ayon sa matanda ay madali naman itong gawin para kay Elias dahil magkaiba naman sila ng sinapit. Si Elias ay bata pa at wala namang namatay na mga anak. Anupa't pinangakuan ni Kapitan Pablo si Elias na walang madadamay na inosente sa gagawin nilang paghihiganti.

Sinabi din ni Elias sa Kapitan ang naging pagkikita at pagkakaibigan nila ni Ibarra. Ibinida niya rito ang mga katangian ni Ibarra at ang pang-aaping sinapit ng pamilya nito sa kamay ng pari. Dagdag pa ni Elias ay makatutulong si Ibarra sa pagpapa-abot sa Heneral ng tungkol sa mga hinaing ng bayan.

Sinang-ayunan naman ito ni Kapitan Pablo. Malalaman niya ang resulta ng pakikipag-usap ni Elias kay Ibarra tungkol dito pagkatapos ng apat araw. Kakatagpuin ng mga tauhan ng Kapitan si Elias upang malaman ng matanda ang sagot ni Ibarra.

Kung sakaling sumang-ayon si Ibarra ay magkakaroon ng katarungan ang kanilang mga hinaing ngunit kung hindi naman ay nangako si Elias na sasama sa kanilang layunin.

Talasalitaan:

- **Binalingan** – hinarap, nilingon
- **Dumanak** – dumaloy
- **Magalugad** – marating, mahanap

- **Natunton** – natagpuan
- **Nayuyungyungan** – nalililiman
- **Pagpapatiwakal** – pagpapakamatay

Kabanata 46 – Ang Sabungan

Sa anumang bayan na nasasakupan ng mga Espanyol ay hindi mawawala ang sabungan. Sa San Diego man ay may sabungan na katulad ng sabungan sa ibang mga bayan.

Ito’y nahahati sa tatlong bahagi. Una ay ang papasok na pintuan kung saan nakatao ang taga-singil sa bawat isang pumapasok sa sabungan.

Ang ikalawang bahagi naman ay ang ulutan kung saan naroon ang daanan ng mga tao at dito rin nakahanay ang mga nagtitinda ng samu’t-saring paninda. Malapit ito sa isa pang lugar para sa mga tahir, magtatari at mga karaniwang parokyano ng sabungan. Nagaganap dito ang pustahan, tayaan at bayaran ng mga tao bago magsimula at pagkatapos ng bawat sabong na magaganap.

Ang ikatlong bahagi naman ay ang ruweda na siyang pinagdarausan ng mga sultada. Dito naka-pwesto ng mga may matataas na katungkulan at iba pang tinitingala sa lipunan.

Ilan lamang sina Kapitan Tiyago, Kapitan Basilio at Lucas sa mga taong naparoon sa sabungan ng araw na iyon. Dala ng tauhan ni Kapitan Tiyago ang isang malaki at puting lasak na manok samantalang kay Kapitan Basilio ay isang bulik na manok.

Nagkamustahan muna ang magkaibigan bago magsimula ang sabong at pustahan. Pagdaka’y nagkasundo sa halagang tatlong daang piso ang kanilang pusta. Naging matunog naman sa mga taong naroroon ang ginawang pustahan kaya naki-pusta na rin ang iba pang mga sabungero.

Lumalabas na dehado ang pula at llamado naman ang puti. Naiinggit ang magkapatid na Tarsilo at Bruno sapagkat wala silang salapi upang makipusta. Sila’y lumapit kay Lucas upang manghiram ng pera upang may maipang-sugal ngunit mayroong kondisyon si Lucas.

Ito ay kung sasama sila sa paglusob sa kwartel at kung sila ay makapag-aakay pa ng iba upang mas malaki ang kwartang kanilang makukuha. Ayon din kay Lucas ay hindi niya magagalaw ang perang inilaan para doon ni Ibarra kung kaya't ipauutang lamang iyon kung sila ay papayag sa kasunduan.

Noong una ay hindi pumayag ang magkapatid dahil kilala nila si Ibarra at kadikit nito ang Kapitan Heneral. Ngunit ilang sandali lang ang lumipas ay namataan nila si Pedro na binibigyan ni Lucas ng salapi kung kaya higit silang nanghinayang.

Dahil sa tawag ng sugal ay 'di na nakatiis ang magkapatid lalo pa't umiinit na ang labanan ng mga oras na iyon; ang bulik ni Kapitan Basilio at ang lasak ni Kapitan Tiyago.

Dahil dito'y lumapit na sila kay Lucas kasabay ng pagsang-ayon sa kanyang kondisyon. Sinabihan sila ni Lucas na ang mga sandata ay paparating din kinabukasan. Ang utos ay kanilang matatanggap sa ika-walo ng gabi nang ikalawang araw.

Matapos ng pakikipagkasundo ay naging abala na ang lahat sa labanan.

Talasalitaan:

- **Lasak** – maagna, mabulok
- **Llamado** – pinapanigang mananalo at maraming pusta
- **Sentensyador** – humahatol
- **Sultada** – tawag sa bawat labanan ng manok
- **Sultador** – tao na tagapagpamahala sa sultada

Kabanata 47 – Ang Dalawang Senyora

Habang mainit ang labanan sa sabungan, ang mag-asawang Donya Victorina at Don Tiburcio ay namamasyal upang tingnan ang bahay ng mga Indio.

Naiinis ang Donya sa tuwing hindi nagbibigay galang sa kanya ang mga nakakasalubong. Dahil dito'y inutusan niyang mamalo ng sumbrero ang Don ngunit 'di ito sumunod dahil daw sa kanyang kapansanan.

Nang mapadaan sila sa bahay ng Alperes ay saktong nadoon si Donya Consolacion at nagtama ang kanilang paningin ni Donya Victorina. Parehong

matalim ang tingin ng bawat isa. Dumura pa ang may bahay ng Alperes na lalong ikinayamot ni Donya Victorina kaya sinugod niya ito at nagkaroon ng balitaktakan.

Inalipusta ni Donya Victorina ang Alperes habang si Donya Consolacion naman ay tinungayaw ang kapansanan at pagpapanggap ng asawa ni Donya Victorina.

'Di rin pinaligtas ni Donya Consolacion ang pagkakataong iyon kaya kinuha nito ang latigo ng asawa at sinugod si Donya Victorina. Ngunit 'di na nagpang-abot ang dalawang Donya dahil namagitan ang kani-kanilang mga asawa.

Nakita ng taong-bayan ang mga pangyayari dahil ang kanilang away ay sadyang nakakabulahaw. Ang kura din ay dumating upang awatin ang dalawa. Dito'y sinagot siya ng Alperesa at tinawag na 'mapagbanal-banalang Carliston'.

'Di naman sinunod ng asawa ni Donya Victorina ang utos nito na hamunin ng barilan ang Alperes. Dahil sa pagtangi ng Don ay nahablot na naman ng Donya ang kanyang pustiso.

Ilang sandali lang ay nakarating sa bahay ni Kapitan Tiyago ang mag-asawang de Espadaña. Doon ay nakita nila si Linares na kausap si Maria Clara at mga kaibigan nito.

Napagbalingan ni Donya Victorina ang binatang si Linares at inutusan ito na hamunin ang Alperes dahil kung hindi ay sasabihin nito sa lahat ang tunay niyang pagkatao.

Hindi malaman ni Linares ang gagawin kaya humihingi na lamang ng paumanhin sa Donya. Siya namang pagdating ng Kapitan.

Agad siyang sinalubong ni Donya Victorina at nagdadaldal tungkol sa mga nangyari. Inipit pa ng Donya si Linares na nagsabing kung hindi gagawin ng binata ang kanyang pinag-uutos ay marapat lamang na walang kasalang magaganap dahil hindi bagay si Maria Clara sa isang duwag.

Dahil sa mga narinig mula sa Donya ay nagpahatid na sa silid si Maria Clara. Dala ang ilang libong piso na salaping bayad ni Kapitan Tiyago sa panggagamot ni Don Tiburcio kay Maria Clara ay umalis na ang mag-asawang de Espadaña.

Samantala, si Linares ay hindi matahimik sa gipit nitong sitwasyon.

Talasalitaan:

- **Abaniko** – pamyapay na natutupi
- **Arsobispo** – isang Obispo sa pinakamataas na ranggo na namumuno sa isang probinsya
- **Nang-uuyam** – nagpaparinig o nang-aasar
- **Naudlot** – biglang natigil
- **Parunggit** – pagpapasaring o pagpaparinig
- **Sable** – isang uri ng espadang karaniwan ay balukot o hugis tari
- **Salawahan** – madumi

Kabanata 48 – Ang Talinghaga

Nang araw na iyon ay dumating si Ibarra sa bahay ni Kapitan Tiyago upang dalawin si Maria Clara. Masaya niyang ibinalita sa Kapitan na tinanggal na ang kanyang pagiging ekskomulgado at ipinabasa ang sulat kay Tiya Isabel. Tuwang-tuwa naman ang Tiya sapagkat magiliw siya kay Ibarra.

Pumunta si Ibarra sa balkon ngunit nabigla sa nakita. Magkasama noon sina Maria Clara at si Linares na nasa gawing paanan nito at nag-aayos ng mga bulaklak.

Nagulat si Linares samantalang si Maria Clara naman ay namutla. Sinikap mang tumayo ng dalaga ngunit ito ay hindi pa lubos na magaling. Sinabi rin ni Ibarra ang dahilan ng kanyang pagdalaw.

Makikita sa mukha ni Maria Clara ang pagkalungkot at dahil dito ay nagpaalam kaagad si Ibarra na sinabing dadalaw muli kinabukasan. May kaguluhan ang isip at damdamin ng umalis na si Ibarra.

Habang naglalakad ay napadaan si Ibarra sa ipinapagawang paaralan. Sinabi niya sa lahat lalo na kay Nol Juan na wala silang dapat ipangamba dahil siya ay tanggap na muli ng simbahan.

Ang sabi ni Nol Juan ay hindi naman daw mahalaga para sa kanila ang pagiging ekskomulgado ni Ibarra dahil lahat naman daw sila ay mga ekskomulgado rin.

Nakita ni Ibarra si Elias na nagkakarga ng bato sa kariton at nabasa nito sa mukha ni Elias na may nais itong ipaalam sa kanya. Dahil dito'y inutusan ni Ibarra si Nol Juan na ibigay sa kanya ang talaan ng mga obrero.

Si Elias naman ay nagmungkahi na mamangka sila ni Ibarra sa lawa para mapag-usapan ang isang napakahalagang bagay. Sumang-ayon naman dito ang binata.

Maya-maya pa'y dumating na si Nol Juan dala ang listahan ngunit hindi nakalista doon ang pangalan ni Elias.

Talasalitaan:

- **Bugso** – biglang pagdami
- **Ihasik** – ikalat
- **Maampat** – mapatigil
- **Simbuyo** – biglang pag-iral ng galit
- **Takipsilim** – dapithapon

Kabanata 49 – Ang Tinig ng mga Pinag-uusig

Wari'y hindi nasisiyahan si Ibarra nang lumulan sa bangka ni Elias kaya kaagad na humingi ito ng paumanhin sa pagkagambala niya sa binata. Ayon kay Ibarra ay nakasalubong niya ang Alperes at gusto siya nitong makausap. Nag-aalala siya na baka makita si Elias kaya ito'y nagdahilan na lamang. Naalala rin niya ang pangako na dalawin si Maria Clara.

Hindi na nag-aksaya pa ng panahon si Elias at sinabi na sa binata ang kanyang pakay. Ayon sa kanya'y siya ang sugo ng mga sawimpalad. Bagama't ipinaliwanag ni Elias ang napagkasunduan ng puno ng mga tulisan (Kapitan Pablo) na hindi niya binanggit ang pangalan, sinubukan pa rin niyang sabihin ang mga kahilingan ng mga sawimpalad na humihingi ng pagbabago sa pamahalaan tulad ng paglalapat ng katarungan, pagbibigay ng dignidad sa mga tao, at pagbawas ng kapangyarihan sa mga guwardiya sibil na nagiging dahilan ng kanilang pag-aabuso sa karapatang pangtao.

Handa man si Ibarra na gamitin ang pera para humingi ng tulong sa mga kaibigan niya sa Madrid at pati sa Kapitan Heneral ay iniisip niya na sa halip makabuti ay baka lalong makasama ang kanilang balak.

Ayon kay Ibarra, ang pagbawas ng kapangyarihan ng sibil ay makasasama dahil baka malagay naman sa panganib ang mga tao.

Dagdag pa niya, para magamot ang sakit ay kailangang gamutin ang sakit mismo at hindi ang sintomas lang dahil kapag malala na ang sakit, kung kailangan ang dahas para ito ay masugpo ay kailangang ilapat ang panlunas kahit na mahapdi.

Nagdebate sina Elias at Ibarra tungkol sa buting nagawa ng simbahan at ang sanhi ng panunulisan ng mga tao.

Bagaman kapwa mahal ng dalawa ang bayan, sa bandang huli ay hindi napapayag ni Elias si Ibarra sa kaniyang pakiusap kaya sinabi nitong sasabihin niya sa mga sawimpalad na umasa na lang sa Diyos.

Talasalitaan:

- **Di matatamong-pala** – kailanma'y hindi maaabot
- **Magtakipsilim** – bago ang gabi, malapit na ang gabi
- **Napahinuhod** – napapayag o napasang-ayon
- **Pandarambong** – panggugulo

Kabanata 50 – Ang mga Kaanak ni Elias

Binanggit ni Elias kay Ibarra ang kanyang pinagmulan para malaman nito na siya ay kabilang din sa mga sawimpalad.

Ayon kay Elias, may animpung taon na ang nakalilipas nang ang kanyang nuno ay naging isang tenedor de libros sa isang bahay-kalakal ng kastila. Kasama nito ang kanyang asawa at isang anak na lalaki, at sila ay nanirahan sa Maynila.

Isang gabi'y nasunog ang isang tanggapang pinaglilingkuran ng kanyang nuno. Isinakdal ito sa salang panununog. Dahil nga maralita at walang kakayahang magbayad ng abogado ay nahatulan ito. Siya'y ipinaseo sa lansangan na nakagapos sa kabayo at pinapalo sa bawat panulukan ng daan.

Buntis noon ang asawa ng kanyang nuno. Gayunpaman, humanap pa rin ito ng mapag-kakakitaan kahit na sa masamang paraan para na rin sa anak at asawang may sakit.

Nang gumaling ang nuno ni Elias ay namundok na lamang ito kasama ng kanyang buong pamilya. Doon na nanganak ang asawa niya ngunit namatay din ang isinilang na sanggol.

Hindi nakayanan ng kanyang nuno ang patong-patong na pagdurusang kanilang natanggap. Dahil dito'y nagbigti ang nuno ni Elias. Hindi naman ito naipalibing ng asawang babae.

Nang mangamoy ang bangkay at malaman ng mga awtoridad ang pagkamatay ng kanyang asawa ay nahatulan din siyang paluin. Ngunit dahil sa dalawang buwang buntis ang babae ay ipinagpaliban muna ang hatol na kalauna'y natuloy din pagkatapos niyang manganak.

Nang makatakas ang babae sa kalupitan ng batas ay lumipat sila sa kalapit na lalawigan. Nang lumaki na ang anak niyang panganay ay naging tulisan ito.

Siya'y nanunog at pumatay upang maipaghiganti ang kaapihang natamo. Dahil dito'y nakilala siya sa tawag na balat. Ang kanyang ina naman ay nakilala sa tawag na haliparot, delingkuwente at napalo samantalang ang bunso niyang kapatid, palibhasa'y mabait ay tinawag na lamang na anak ng ina.

Isang umaga ay nakita ng anak na patay na ang kanyang ina. Ito'y nakabulagta sa ilalim ng isang puno at ang ulo ay nakatingala sa isang bakol na nakasabit sa puno. Ang katawan nito'y ibinaon samantalang ang mga paa at kamay ay ikinalat. Dahil sa kalunos-lunos na pangyayaring ito'y tumakas ang bunso at napadpad sa Tayabas.

Namasukan siya bilang isang obrero sa isang mayamang angkan doon. Dahil sa maganda nitong ugali ay nakagiliwan siya ng kanyang amo. Masikap ito kaya ng magkaroon ng puhunan ay napaunlad niya ang kanyang kabuhayan.

'Di nagtagal ay nakilala siya ng ng isang dalagang taga-bayan na kanyang inibig ng tapat. Ngunit natatakot itong mamanhikan dahil baka matuklasan ang kanyang tunay na pagkatao.

Gayunpaman ay mahal nila ang isa't isa kaya naman nang minsang may mangyari sa kanila ay sinabi nitong handa siyang panindigan ang nagawa.

Ngunit hindi sumang-ayon ang tadhana sa kanila. Siya'y nakulong sa halip na makasal sa babae. Ito'y dahil na rin higit na mayaman ang ama ng babae at wala siyang kakayahang ipagtanggol ang sarili.

Nagkaroon ng bunga ang pagmamahalan ng dalawa. Nanganak ang babae ng kambal, isang babae at isang lalaki – ito'y sina Elias at Concordia.

Bata pa lang ang kambal ay iminulat na sa kanila na patay na ang kanilang ama. Naniwala naman sila dahil musmos pa lamang ay namatay na ang kanilang ina.

Palibhasa'y may kaya ang nuno si Elias kaya siya nakapag-aral sa mga Heswitas. Nang mamatay ang kanilang nuno ay umuwi ang magkapatid upang asikasuhin ang kanilang kabuhayan.

Si Concordia ay nakatakdang ikasal sa binatang nagmamahal sa kanya ngunit ang kanilang kahapon ang nagwasak sa kanilang kinabukasan. Dahil sa kanyang salapi at ugaling mapag-mataas, isang malayong kamag-anak ang nagpamukha sa kanila ng kahapong nagdaan.

Ito ay pinatunayan ng isang matandang utusan na kanila palang ama. Namatay na naghihinagpis ang kanilang ama dahil sa pag-aakalang siya ang naging dahilan ng kasawian nilang magkapatid. Ngunit bago ito namatay ay naipagtapat niyang lahat ang kahapon ng magkapatid.

Lalong nalungkot si Concordia ng mabalitaang ikinasal sa iba ang kanyang kasintahan. Isang araw ay bigla siyang nawala. Makalipas ang anim na buwan ay nabalitaan na lamang ni Elias na mayroong isang bangkay ng babaeng natagpuan sa baybayin ng Calamba na may tarak sa dibdib. Ito pala'y ang kanyang kapatid.

Dahil dito, si Elias ay nagpagala-gala sa iba't-ibang lalawigan dahil sa mga bintang tungkol sa kanya na hindi naman niya ginagawa. Dito na natapos ang salaysay ni Elias.

Nagpalitan pa ng iba't ibang pananaw sina Elias at Ibarra. Ipinasabi niya kay Elias na taos-puso siyang nakikiisa sa kanilang mga damdamin, lamang ay wala siyang magagawa kundi ang maghintay pa dahil ang sama ay di-nagagamot ng kapwa rin sama.

Nang makarating na sa baybayin ang dalawa ay nagpaalam na si Ibarra at binilinan si Elias na siya ay limutin na at huwag babatiin sa anumang kalagayang siya ay makita nito.

Si Elias naman ay bumalik na sa kuta ni Kapitan Pablo at sinabi sa Kapitan na kung 'di rin lamang mamamatay ay tutupad sa kanyang pangako na aanib sa kanila sa sandaling ipasiya ng pinuno na dumating na ang oras ng pakikibaka sa mga Kastila.

Talasalitaan:

- **Nuno** – lolo
- **Obrero** – manggagawa o mga trabahador sa iba't ibang pagawaan
- **Sawimpalad** – kamalasan
- **Tenedor de libros** – tagasulit ng mga talaang pampananalapi o mga rekord na pinansiyal ng isang negosyo o ng isang negosyante. Tinatawag din itong kontador o tenedor de libro.
- **Tulisan** – Magnanakaw o mangwawaldas ng salapi ng iba

Kabanata 51 – Mga Pagbabago

Nakatanggap ng liham mula kay Donya Victorina si Linares na nakapagpabalisa dito. Alam nito na hindi nagbibiro ang Donya. Kailangan niyang hamunin ang Alperes ngunit sino naman kaya ang papayag na maging padrino niya, ang kura kaya o si Kapitan Tiyago?

Siya ngayo'y sising-sisi sa paghahambog at pagsisinungaling sa paghahangad lamang na makapagsamantala. Labis kasi siyang nagpatianod sa kapritso ni Donya Victorina.

Dumating si Padre Salvi sa bahay nina Kapitan Tiyago at ito ay nagmano. Masaya nitong ibinalita ang tungkol sa sulat na padala ng arsobispo tungkol sa pag-alis ng ekskomunyon kay Ibarra kasabay ng kanyang pagpuri sa binata na ito'y kalugod-lugod ngunit may kaunting kapusukan.

Dagdag pa nito, si Padre Damaso na lamang ang sagabal sa pagpapatawad ka Ibarra ngunit kung si Maria Clara ang kakausap dito ay hindi makatatanggi ang pari. Narinig ni Maria Clara ang pag-uusap na ito at nagtungo siya sa silid kasama si Victoria.

Maya-maya'y dumating si Ibarra kasama si Tiya Isabel habang nag-uusap sina Padre Salvi at Kapitan Tiyago. Binati niya ang Kapitan samantalang yumukod naman kay Linares.

Buong lugod naman na kumamay si Padre Salvi kay Ibarra at sinabing katatapos pa lamang niyang papurihan ito. Nagpasalamat naman ang binata sa mga narinig.

Ilang sandali pa'y lumapit ito kay Sinang upang itanong kung galit sa kanya si Maria Clara. Ayon kay Sinang ay ipinasasabi raw ni Maria na limutin na lamang siya nito ngunit nais ni Ibarra na makausap ng sarilinan ang kasintahan.

'Di nagtagal ay umalis na rin si Ibarra.

Talasalitaan:

- **Ekskomulgado** – ang kalagayan kung saan itinitiwag o itinatakwil mula sa relihiyon
- **Nababalisa** – hindi mapalagay
- **Sagabal** – hadlang

Kabanata 52 – Ang Baraha ng Patay at ang mga Anino

Sa ilalim ng pinto ng libingan ay may tatlong anino na paanas na nag-uusap. Naitanong ng isang anino sa kausap kung nakaharap na daw nito si Elias. Ang sagot nito ay hindi ngunit siguradong kasama siya sapagkat nailigtas na minsan ni Ibarra ang buhay nito.

Sumagot ang unang anino na ito nga ay pumayag na sumama sapagkat ipapadala ni Ibarra sa Maynila ang kanyang asawa upang ipagamot. Siya din ang sasalakay sa kumbento upang makaganti sa kura.

Binigyang diin naman ng ikatlong anino na kasama ng lima, lulusob sila sa kwartel upang ipakilala sa mga gwardya sibil na ang kanilang ama ay may mga anak na lalaki. Isa pa, sinabi ng alila ni Ibarra na sila ay magiging dalawampung katao na. Saglit na huminto sa pag-uusap ng mga anino nang mabanaagan nilang may dumarating na isang anino na namamaybay sa bakod.

Pagdating sa lugar ng tatlo ay nagkakilala sila. Ipinaliwanag ng bagong dating na anino na sinusubaybayan siya kaya't naghiwa-hiwalay na sila at sinabihan ang mga dinatnan na kinabukasan na ng gabi nila tatanggapin ang mga sandata. Kasabay nito ang sigaw na "Mabuhay Don Crisostomo!"

Nawala sa likod ng pader ang tatlong samantalang ang bagong dating ay naghintay sa sulok ng pintuan. Maya-maya pa'y dumating ang ikalawang anino at nagmasid ito sa kanyang paligid. Umaambon noon kaya sumilong siya sa pintuan. Doon ay nagkita sila ng unang sumilong.

Napagkasunduan nilang magsugal at kung sino man ang manalo sa kanila ay maiiwan upang makipagsugal naman sa mga patay. Pumasok sila sa loob ng libingan at sa ibabaw ng puntod ay umupong magkaharap ang dalawa para magsugal. Ang isa sa kanila na mas mataas ay si Elias samantalang ang may pilat sa mukha ay si Lucas.

Sa kanilang pagsusugal ay natalo si Elias kaya umalis itong hindi kumikibo. Pagdaka'y nilamon siya ng kadiliman.

Talasalitaan:

- **Puntod** – nitso, libingan
- **Sinusubaybayan** – pinagmamasdan

Kabanata 53 – Ang Mabuting Araw ay Nakikilala sa Umaga

Kinabukasan ay kumalat ang balita tungkol sa mga ilaw na nakita sa libingan ng nakaraang gabi. Ayon sa paniniwala ng mga puno ng kapatiran ni San Francisco ay may dalawampu ang nakitang kandila na sinindihan. Kahit na malayo ang bahay sa libingan ay sinabi ni Hermana Sepa na panaghoy at paghikbi ang kanyang narinig. Samantala, sa pulpito nama'y binigyang diin ng pari sa kanyang sermon ang tungkol sa mga kaluluwa sa purgatoryo.

Ang mga usapang iyon ay hindi nakaligtas sa matalas na paningin nina Don Filipino at Pilosopong Tasyo na ilang araw nang nanghihina.

Nabanggit ng Don na tinanggap na umano ng Alkade ang kanyang pagbibitiw sa tungkulin. Dahil dito'y 'di mapakali si Tandang Asyo sapagkat naniniwala siyang ang pagbibitiw ng Don ay hindi nararapat at napapanahon.

Aniya, sa panahon ng digmaan ay dapat na manatili sa kanyang tao ang puno. Dagdag pa niya, iba na talaga ang bayan dalawampung taon na ang nakalilipas. Nakikita na daw ang naging bunga ng pagdayo sa Pilipinas ng mga Europeo at ang pagdayo naman ng mga kabataan sa Europa ay dama na rin.

Dagdag pa ng Pilosopo, noong una, ang mga kabataang nakapag-aral sa Europa ay nagkaroon ng malawak na kaalaman tungkol sa kaysayan, Matematika, Agham, wika at iba pang uri ng kaalaman na itinuturing na enerhiya.

May kakayahan na rin daw ang tao na pangasiwaan ang malawak na daigdig na kanyang ginagalawan at tinatahanan. Sa panitikan naman daw ay nagsimula na ring lumitaw ang mga makatang nagpapahayag ng malaya at mga maka-
agham na pagsubok. Hindi na rin kayang pigilan ng kumbento ang paglaganap ng mga modernong kabihasan.

Marami pang palitan ng kuro-kurong naganap sa pagitan ng dalawa. Kabilang na diyan ang tungkol sa bayan at sa kahihinatnan nito, sa relihiyon, ugali ng mga binata at dalaga at ng mga naglilingkod sa simbahan.

Pamaya-maya pa'y tinanong na ng Don ang Pilosopo kung ito daw ba'y hindi nangangailangan ng mga gamot dahil napansin niyang hinang-hina na ito.

Tinugon siya ng Pilosopo at sinabing ang mga mamamatay ay hindi na nangangailangan ng gamot at sa halip ang mga maiiwan ang mangangailangan niyon.

Ipinakiusap din niya kay Don Filipino na sabihan si Ibarra na makipagkita sa kanya dahil malapit na daw siyang mamatay. Sa kabila ng sakit ng matanda ay ang bayan pa rin ang kanyang inaalala. Naniniwala siyang tumatahak pa rin sa karimlan ang Pilipinas.

'Di nagtagal ay nagpaalam na rin si Don Filipino.

Talasalitaan:

- **Inusig** – pinarusahan
- **Moog** – matayog na tore o pader
- **Nalalambungan** – natatakpan
- **Paglugso** – pagmolestiya, pagsira
- **Sugpuin** – patayin

Kabanata 54 – Lahat ng Lihim ay Nabubunyag at Walang 'Di Nagkakamit ng Parusa

Nagmamadaling pumunta ang kura sa bahay ng Alperes. Tuloy-tuloy siyang pumanhik sa bahay nito at malakas na tinawag ang Alperes. Lumabas agad ito kasama ng kanyang asawang si Donya Consolacion.

Bago pa makapag-salita ang kura ay inireklamo agad ng Alperes ang mga kambing nito na naninira sa kanyang bakod. Ngunit agad na sinabi ng pari ang kanyang pakay.

Aniya, nanganganib diumano ang buhay ng lahat. Mayroon daw napipintong pag-aalsa na gagawin nang gabing iyon. Napag-alaman ito ng pari sa pamamagitan ng isang babae na nangumpisal sa kanya na nagsabing sasalakayin ang kuwartel at kumbento.

Nagkasundo ang kura at Alperes na paghandaan nila ang gagawing paglusob ng mga insurektos. Apat na gwardya sibil na nakapaisana ang hiningi ng kura upang italaga sa kumbento. Palihim naman ang pagkilos sa kuwartel ng mga kawal upang mahuli nang buhay ang mga lulusob. Ito ay upang kanilang mapakanta ang sinumang mahuhuling buhay.

Sa kabilang dako, isang lalaki ang humahangos sa daan patungo sa tirahan ni Ibarra. Mabilis itong umakyat ng bahay at hinanap sa utusan ang kanyang amo. Agad naman nitong itinuro na nasa laboratoryo si Ibarra. Dali-dali niya itong pinuntahan at pagkakita kay Ibarra ay agad na sinabi ang kanyang pakay.

Ipinagtapat ni Elias ang paglusob na magaganap at base sa kanyang natuklasan, si Ibarra diumano ang kapural at nagbayad sa mga kalahok sa paglusob. Natitiyak ni Elias na si Ibarra ang isisigaw ng sinumang mahuhuli ng mga sibil kaya ipinasunog niya kay Ibarra ang lahat ng mga aklat at kasulatan nito sapagkat 'di na maiiwasan na siya ay masangkot sa gulo.

Dahil dito'y tinulungan ni Elias sa pagpili ng mga kasulatan si Ibarra. Nabasa ni Elias sa isang kasulatan ang tungkol kay Don Pedro Eibarramendia at tinanong kung ano ang relasyon nito kay Ibarra.

Nang sabihin ni Ibarra na ito'y kanyang nuno ay halos nayanig ang buong pagkatao ni Elias. Natagpuan na niya ang lahing lumikha ng matinding kasawian sa kanilang buhay. Binunot ni Elias ang kanyang balaraw at naisip niyang gamitin iyon kay Ibarra.

Ilang sandali pa'y nahimasmasan si Elias at binitawan ang balaraw na hawak. Tumingin siya ng tuwid kay Ibarra at saka mabilis na umalis ng bahay.

Nagtataka man ngunit ipinagpatuloy ni Ibarra ang pagsunog sa mga mahahalagang papeles at dokumento.

Talasalitaan:

- **Nagkukumahog** – nagmamalabis
- **Nangangatal** – nanginginig
- **Napaduhapang** – napadapa
- **Pag-aalsa** – paghihimagsik
- **Pagkagitla** – pagkagulat

Kabanata 55 – Ang Pagkakagulo

Oras na noon ng hapunan ngunit ayaw kumain ni Maria Clara kaya nagdahilan na lamang siya na walang ganang kumain. Niyaya niya ang kanyang kaibigan na si Sinang sa piyano at doon ay nagbulungan ang dalawa. Hindi mapakali ang magkaibigan sa paghihintay kay Ibarra na darating sa ika-walo ng gabi.

Si Padre Salvi naman ay palakad-lakad sa may bulwagan samanatalang kasalukuyang kumakain noon si Linares. Ipinagdarasal ng magkaibigan na umalis na sana ang “multong” si Padre Salvi.

Nang sumapit ang ika-walo ay napaupo sa isang sulok ang pari. Iyon kasi ang nakatakdang oras ng paglusob sa kumbento at sa kwartel. Ang magkaibigang Maria at Sinang naman ay hindi malaman ang gagawin.

Nang tumunog ang kampana, silang lahat at tumayo para magdasal. Siya namang pagpasok ni Ibarra na luksang-luksa ang suot. Tinangka pa siyang lapitan ni Maria ngunit biglang umalingawngaw ang sunod-sunod na putok.

Hindi makapagsalita si Ibarra na napapatda. Si Padre Salvi ay nagtago sa likod ng haligi. Panay ang dasal ni Tiya Isabel samantalang ang magkaibigang Sinang at Maria ay nagyakapan na lamang.

Ang mga tao sa bahay ni Kapitan Tiyago ay narinig ang putukan, sigawan at pinagbuhan sa may kumbento. Samantala, ang mga nagsisikain na kumedor ay biglang pumasok at panay ang sigaw ng, “Tulisan... Tulisan...” Kasabay ng pagsasara ng mga pintuan at bintana ng biglaan ay nagpatuloy lamang ang putukan at silbatuhan.

Nang matapos ang putukan ay pinapanaog ng Alperes ang kura. Si Ibarra ay nanaog din samantalang ang magkaibigan ay pinapasok ni Tiya Isabel sa silid.

Hindi na nakapag-usap ang magkasintahan. Mabilis na naglakad si Ibarra patungo sa kanyang bahay.

Pagdating sa bahay, inutusan agad ni Ibarra ang kanyang katulong na ihanda ang kanyang kabayo. Sa gabinete ay isinilid niya sa kanyang maleta ang mga hiyas, salapi, ilang mga kasukatan at larawan ni Maria. Isinukbit din niya ang dalawang rebolber at isang balaraw.

Paalis na sana siya ngunit bigla na lamang itong nakarinig ng malakas na pagputok sa pintuan at tinig ng isang kawal na kastila. Lalaban sana siya ngunit mas piniling bitawan ang kanyang baril at buksan ang pinto. Isinama siya ng Sarhento ng mga dumating na kawal.

Samantala, sa kabilang dako naman ay gulong-gulo ang isip ni Elias. Pumasok siya sa bahay ni Ibarra ngunit parang sinusurot ang kanyang sariling budhi. Naaalala kasi niya ang sinapit ng kanyang angkan, ang kanyang nuno, si Balat, kapatid na babae at ang kanyang ama. Tila ba lahat sila ay tinawag siyang duwag.

Pagpasok sa bahay ay nadatnan niya ang katulong ni Ibarra na naghihintay sa kanilang amo. Nang nalaman niya ang sinapit ni Ibarra ay nagkunwari na siyang umalis. Ngunit ang totoo ay umakyat ito sa bintana patungo sa gabinete.

Doon ay nakita niya ang mga kasulatan, mga aklat, alahas at baril. Kinuha niya ang baril at ang iba naman ay isinilid niya sa sako saka inihulog sa bintana. Nakita niya ang pagdating ng mga sibil. Isinilid niya sa isang supot ang larawan ni Maria pagkatapos ay nagtipon ng mga damit at papel. Binuhusan niya ito ng gas at saka sinilaban.

Samantala, ang mga kawal ay nagpupumilit na pumasok. Ayaw silang payagan ng katiwala dahil wala silang pahintulot mula sa kanyang amo. Mapilit ang mga ito kaya tinabig ng kawal ang matanda at mabilis silang pumanik. Ngunit ng makarating sa gabinete ay sinalubong sila ng makapal na usok ng apoy. Saka nagkaroon ng malakas na pagsabog kaya dali-daling umatras at nanaog ng bahay ang mga kawal kasama ang mga katulong ni Ibarra.

Talasalitaan:

- **Namumuwalan** – puno ng pagkain ang bibig
- **Pasan ang daigdig** – maraming problema
- **Punyal** – panaksak
- **Rebolber** – baril

Kabanata 56 – Ang mga Sabi at Kuro-kuro

Ang buong bayan ng San Diego ay sakmal pa rin ng takot kinabukasan. Walang makitang taong naglalakad sa gitna ng daan. Ang buong paligid ay tahimik.

Maya-maya ay isang bata ang naglakas ng loob na nagbukas ng kanilang bintana. Gumaya ang ibang mga kapitbahay at sila ay nagkabalitaan. Kalagim-lagim daw ang nagdaang gabi tulad noong mandambong si Balat. Sa kanilang pag-uusap ay lumilitaw na si Kapitan Pablo raw ang sumalakay. Anang iba, ang mga kuwadrilyero raw ang sumalakay kaya dinakip si Ibarra.

Dagdag pa nila, ang mga lalaki ay nagpunta sa kuwartel at sa may tribunal. Lumabas pa sa usapan na tinangka diumano ni Ibarra na itanan si Maria Clara upang hindi matuloy ang pakikipag-isang dibdib niya kay Linares at kaya lang sinansala ni Kapitan Tiyago ang kanilang pagtatanan sa tulong ng mga sibil.

Samantala, isang lalaking kagagaling lamang sa tribunal ang nakausap ni Hermana Pute. Sinabi nitong nagtapat na si Bruno at pinatunayan ang balita tungkol sa magkasintahang Ibarra at Maria.

Pati daw simbahan ay nais paghigantihan ni Ibarra. Mabuti na nga lamang daw at nasa bahay ni Kapitan Tiyago si Padre Salvi. Ang mga sibil din daw ang sumunog sa bahay ng binata.

Isang babae naman ang nagsabi na nakita niyang nakabitin sa ilalim ng puno ng santol si Lucas.

Talasalitaan:

- **Balaraw** – panghiwa, panaksak
- **Humihiging** – di tiyak ang naririnig
- **Ibinunton** – itinumpok
- **Malamlam** – malabo
- **Sulingin** – nagugulumihanang lakarin

Kabanata 57 – Vae Victus! Sa Aba ng mga Manlulupig

Halata sa mga gwardya sibil na sila ay balisa. Pinagbabanataan nila ang mga batang panay ang silip sa puwang ng mga rehas upang tingnan ang mga nadakip. Makikita din doon ang alperes, direktorsillo, si Donya Consolation at ang kapitan na halatang malungkot.

Bago mag-ika-siyam ay dumating ang kura at tinanong sa Alperes sina Ibarra at Don Filipino. Kasunod niya ang isang parang batang umiiyak na may dugo ang salwal. Doon ay hinarap sa kura ang dalawang natirang buhay na nabihag ng mga sibil.

Pilit na itinatanong sa bihag na si Tarsilo Alasigan kung may kinalaman si Ibarra sa nasabing paglusob. Iginiit nito na walang alam si Ibarra at ang dahilan ng kanilang paglusob ay upang ipaghiganti ang kanilang amang pinatay sa palo ng mga sibil.

Dinala si Tarsilio sa limang bangkay at nakita niya doon ang kanyang kapatid na si Bruno na tadtad ng saksak, si Pedro na asawa ni Sisa at si Lucas na may tali pa ng lubid sa leeg. Panay ang pagtatanong sa kanya ngunit tahimik lamang ito. Dahil dito'y ipinag-utos ng Alperes na paluin siya ng yantok hanggang sa magdugo ang buong katawan.

Hindi nila mapaamin si Tarsilio kaya ibinalik nila ito sa bulwagan. Nadatnan niya doon ang isang bilanggo na nagpapapalahaw sa iyak at tumatawag sa mga santo. Tinanong muli si Tarsilio kung kilala niya ang lalaking bilanggo ngunit sumagot itong noon lamang niya nakita ang lalaki.

Dahil dito'y pinagpapalo na naman si Tarsilio hanggang sa mabalot ng dugo ang buo niyang katawan. Hindi na nakayanan ng kura ang mga nakita kaya lumabas na lang ito ng bulwagan ng namumutla.

Sa labas ay nakita ng kura ang isang dalaga na parang nagbibilang ng mga naririnig sa loob ng tribunal, humahalinghing at nanananghoy ng malakas. Siya pala ay kapatid na dalaga nina Bruno at Tarsilo.

Nangngitngit ang Alperes na binulungan ng kanyang asawa na lalo pang pahirapan ang binata ngunit hiniling na lamang ni Tarsilo na madaliin ang kanyang kamatayan.

Wala silang makuha na kahit anong impormasyon mula sa binata kaya ito ay itinumba sa isang balong nakakabaligtad ng sikmura ang tubig at amoy. Dito na

nalagutan ng hininga si Tarsilio. Nang makitang patay na ang binata ay binalingan naman ang isa pang bilanggo.

Ang bilanggong nabanggit ay si Andong luko-luko at kaya napapunta sa patyo ay upang magbawas dahil pinapakain siya ng bulok ng biyenang nito. Inantok ang alperes sa sagot ni Andong kaya ipinag-utos niyang ipasok na lang muli sa karsel ang bilanggo.

Talasalitaan:

- **Babariling-ibon** – madaling patayin
- **Ikinubli** – itinago
- **Itatwa** – talikuran
- **Madaliin** – pabilisin
- **Nakatutulig** – nakabibingi
- **Nanananghoy** – umiiyak
- **Nasusulasok** – nakakainis
- **Walang imik** – ayaw magsalita, tahimik

Kabanata 58 – Ang Sinumpa

Ang mga pamilya ng mga bilanggo ay tuliro at balisa. Pabalik-balik sila sa kumbento, kuwartel at tribunal. Palibhasa’y wala silang malapitang malakas at makakapitan na makakatulong para palayain ang kanilang mga kaanak na bilanggo. May sakit noon ang kura at ayaw makipag-usap kahit kanino. Nagdagdag ng bantay ang Alperes samantalang ang Kapitan ay lalong nawalan ng silbi.

Sobrang init na noon pero ayaw pa rin umalis ng mga babaeng nagsusumamo. Umiiyak at palakad-lakad ang mag-ina ni Don Filipino. Panay naman ang banggit ni Kapitana Tinay sa pangalan ng kanyang anak na si Antonio. Pasilip-silip naman sa rehas si Kapitana Maria upang tignan ang kambal niyang anak. Nandoon din ang biyenang ni Andong na walang gatol na ipinangalandakan na kaya hinuli ng mga sibil ang manugang ay dahil bago ang kanyang salawal.

May isang babae namang halos mangiyak-ngiyak ang nagsabi na si Ibarra ang may pakana at kasalanan ng lahat. Kasa-kasama rin ng mga tao ang guro samantalang si Nol Juan ay nakadamit pangluksa dahil ipinalagay niyang wala ng kaligtasan si Ibarra.

Mag-iikalawa ng hapon ng dumating ang isang kariton na hila ng isang baka. Sisirain sana at kakalagan ng mga kaanak ng mga bilanggo ang mga hayop na humihila sa kariton ngunit pinagbawalan sila ni Kapitana Maria at sinabing kapag ginawa nila iyon ay mahihirapan sa paglakad ng kanilang mga kaanak na bilanggo.

Ilang saglit lang ay lumabas ang mga mahigit dalawampung kawal at pinaligiran ang kariton. Kasunod nito'y inilabas ang mga bilanggo sa pangunguna ni Don Filipino na nakuha pang batiin ng naka-ngiti ang asawang si Doray. Nang siya'y yakapin ng asawa ay hinadlangan ito ng dalawang sibil. Napahagulgol naman ang ina ni Antonio na si Kapitana Tinay ng siya ay makita nito. Napaiyak din si Andong ng makita ang biyenan na may pasari ng kanyang pagkakakulong.

Ang seminaristang si Albano ay naka-gapos na mabuti katulad ng kambal ni Kapitana Maria. Si Ibarra na huling lumabas ay walang gapos ngunit nasa pagitan ng dalawang kawal. Namumutla ito ngunit pasuyod na tinignan ng mga maraming tao at naghahanap ng isang mukha ng kaibigan.

Biglang umugong ang salitaan ng mga tao ng makita si Ibarra. Kung sino pa daw ang may sala ay siya pa itong walang tali. Dahil sa mga narinig ay ipinagutos ni Ibarra sa mga sibil na igapos siya ng hanggang siko kahit na wala namang ganoong utos ang kanilang pinuno. Pagkatapos nito'y lumabas na naka-kabayo at batbat ng sandata ang katawan ng alperes kung saan kasunod niya ang may labinglimang mga kawal na umaalalay sa kanya.

Sa lahat ng mga bilanggo ay pangalan lamang ni Ibarra ang walang tumatawag. Sa halip, siya ay pinagbuntunan ng sisi at tinawag pa ng mga tao na duwag. Halos isumpa rin ng mga tao ang kanyang nuno hanggang siya ay tawagin na nilang erehe at dapat mabitay.

Kasunod nito ay pinagbabato ng mga tao si Ibarra. Naalala niya tuloy ang kwento ni Elias tungkol sa babaeng nakakita ng ulong nasa bakol at nakabitin sa punongkahoy.

Kahit na nasa gipit at abang kalagayan si Ibarra ay tila walang ibig dumamay sa kanya. Kahit na si Sinang ay pinagbawalan ding umiyak ni Kapitan Basilio. Sa ganitong kalagayan nadama ng husto ni Ibarra ang mawalan ng inang bayan, pag-ibig, tahanan, kaibigan at magandang kinabuhasan.

Maamang nagmamasid si Pilosopong Tasyo mula sa mataas na lugar na pagod na pagod at naka balabal ng makapal na kumot. Sinundan niya ng tingin ang kariton na sinakyan ng bilanggo. Pagkatapos ay ipinasya na rin niyang umuwi.

Kinabukasan, natagpuan ng isang pastol si Pilosopo Tasyo na nakahandusay sa may pintuan ng kanyang bahay.

Talasalitaan:

- **Gapusin** – itali
- **Inusal-usal** – binabanggit-banggit
- **Nagisnan** – nakita
- **Nakakapaso** – sobrang init
- **Panaghoy** – pananangis
- **Pasilip-silip** – patingin-tingin
- **Pastol** – tagapangalaga ng tupa
- **Taluntunin** – hanapin, sundan

Kabanata 59 – Pag-ibig sa Bayan

Nalathala sa mga pahayagan sa Maynila ang ginawang paglusob ng mga inapi o sawimpalad. Iba-iba ang estilo ng mga balitang lumaganap.

Ang mga tauhan sa kumbento ay higit na naliligalig lalo pa't palihim na nagdadalawan at gumagawa ng mga pagpapanayam hinggil sa nangyari ang ilang tao sa probinsiya. Ang ilan ay nagpunta sa palasyo upang maghandog ng tulong sa pamahalaang nasa panganib. Maging ang munting heneral o generalillo diumano ay napagkuro ang kahalagahan ng korporasyon.

Ipinagbubunyi naman si Padre Salvi na sinasabing karapat-dapat na bigyan ng isang mitra. Iba naman ang pinag-uusapan sa ibang kumbento. Ang mga nag-aaral diumano sa Ateneo ay lumalabas na nagiging pilibustero.

Samantala, hindi mapakali si Kapitan Tinong na taga-Tondo dahil minsan itong nagpakita ng kagandahang loob kay Ibarra. Panay ang sisi sa kanya ng asawang si Kapitana Tinchang. Nasa isang tabi lamang ang kanyang dalawang anak na dalaga at di-umiimik. Nabanggit pa ng Kapitana na kung siya lamang daw ay naging lalaki ay haharap siya sa Kapitan-Heneral at ihahandog ang kanyang paglilingkod laban sa mga manghihimagsik.

Muntik nang mabanas si Tinong sa kakulitan ng asawa nang dumating ang kanilang pinsan na si Don Primitivo. May edad na ito at mahilig magsalita ng Latin. Ipinasundo siya ni Tinchang upang hingan ng payo dahil marunong itong mangatwiran.

Agad na nagsalita ang Kapitana pagkarating ng pinsan. Aniya, pinakain ni Tinong si Ibarra sa kanilang bahay at niyukuran pa niya ito nang makita sa may tulay ng Espanya sa gitna ng maraming tao at sinabing sila ay magkaibigan.

Ayon sa Don, dapat daw ay napakilala si Tinong kay Ibarra pagkat ang mga mabubuti raw ay napaparusahan dahil sa mga masasama kaya wala na daw ibang paraan kundi ang gumawa ng huling habilin si Tinong.

Dahil sa narinig na payo ay nawalan ng malay ang Kapitan ngunit ng mahimasmasan naman ay binigyan siya ng dalawang payo ni Don Primitivo. Una, dapat daw ay magbigay sila ng regalo sa heneral kahit anong alahas at idahilan na ito ay pamasko. Ang pangalawang payo naman ay sunugin lahat ng mga kasulatan na maaaring makapagpahamak kay Tinong kagaya ng ginawang pagsunong ni Ibarra sa kanyang mga kasulatan. Sumang-ayon naman ang mag-asawa sa payo ni Don Primitivo.

Samantala, sa isang pagtitipon sa Intramuros na dinaluhan ng mga dalaga, mga asawa, at mga anak ng kawani ay napag-usapan ang tungkol sa naganap na pag-aalsa.

Anang isang lalaking komang ay galit na galit diumano ang heneral kay Ibarra dahil naging napakabuti nito sa binata. Ayon naman sa isang ginang, wala daw talagang utang na loob ang mga indiyo kaya 'di dapat sila ituring na mga tunay na tao.

Pati ang itatayong paaralan ni Ibarra ay napag-usapan din na ayon sa ilan ay pakana lamang sapagkat ang tunay na layunin ng binata ay gawin lamang itong kuta na gagamitin niya sa kanyang pansariling pangangailangan.

Bigla namang naisingit sa usapan ang regalo ni Kapitana Tinchang sa heneral na singsing na puno ng brilyante. Napalingon ang lalaking komang at tiniyak kung totoo nga ang balita. Nagdahilan ang pingkok at nanaog na ng bahay.

Makalipas ang ilang oras ay nakatanggap ng paanyaya ng pamahalaan sa pamamagitan ng mga kawal ang ilang mag-anak sa Tondo. Ito ay tungkol sa

pagtulog ng ilang mayayaman at tanyag na tao sa Fuerza de Santiago. Isa si Kapitan Tinong sa mga inimbita.

Talasalitaan:

- **Di-mapakali** – balisa, di-mapalagay
- **Kumbento** – simbahan
- **Nailathala** – bagay na inimprensa o ipinalabas o ginawa ng isang publikasyon; babala, paunawa o notisyang nilimbag
- **Nalalabi** – natitira
- **Naligalig** – nagambala, nagulo
- **Palihim** – sikreto, bagay na lingid sa kaalaman at paningin ng iba

Kabanata 60 – Ikakasal na si Maria Clara

Si Kapitan Tiyago ay tuwang-tuwa dahil hindi siya hinuli o natanong man lamang ng pamahalaan. Hindi siya nakuryente o nabilanggo sa ilalim ng lupa kaya dahil dito ay nagpamisa ang Kapitan sa Mahal na Birhen sa Antipolo, Birhen del Rosario at sa Birhen del Carmen.

Kung si Kapitan Tiyago ay hindi inimbitahan ng pamahalaan, kabaligtaran naman ang sinapit ni Kapitan Tinong. 'Di nakabuti ang pag-iimbita sa kanya ng pamahalaan. Siya'y nagkasakit, naging putlain, namamanas at 'di na palaimik. Hindi na rin bumaba ng bahay si Kapitan Tinong dahil sa pangambang baka mabati siya ng isang pilibustero. 'Di lingid sa kaalaman ni Kapitan Tiyago ang ganitong sinapit ni Kapitan Tinong.

Samantala, sa bahay ni Kapitan Tiyago ay dumating sina Linares at ang mag-asawang de Espadaña. Sila'y itinuturing na mga makapamahalaan. Ayon kay Donya Victorina, kung babarilin diumano si Ibarra ay tama lang dahil ito daw isang pilibustero.

Kahit na nanghihina at namumutla ay hinarap ni Maria Clara ang mga bisita. Hanggang sa mapunta ang kanilang usapan sa pagpapakasal nina Maria at Linares. Napagkasunduan din na magpapapista si Kapitan Tiyago.

Tila buo na ang pasya ni Kapitan Tiyago na ipakasal ang anak kay Linares dahil nakikini-kinita niyang siya'y maglalabas-masok sa palasyo sa sandaling maging manugang niya ito. Si Linares kasi ang tagapayo ng Kapitan Heneral kaya ang akala ng Kapitan ay kaiinggitan siya ng mga tao.

Kinabukasan, napuno ang bulwagan ni Kapitan Tiyago ng mga bisitang kastila at intsik. Nangunguna na diyan sina si Padre Salvi, Padre Sibyla, ilang pransiskano at dominikano, ang Alperes na ngayon ay Tinyente at may grado ng Komandante, ang mag-asawang de Espadaña, si Linares na nagpahuli ng dating at si Tinyente Guevarra ng mga sibil.

Ang paksa ng mga kababaihan ay si Maria Clara na kahit malungkot ay magalang na tinanggap ang mga bisita. Anang isang babae, maganda daw si Maria ngunit tanga naman dahil kayamanan lang daw ang habol ni Linares.

May nagsabi naman na marunong si Maria sa buhay dahil kaya raw ito ikakasal ay sapagkat bibitayin ang unang katipan na si Ibarra. Lalo lamang nasaktan ang kalooban ni Maria Clara sa mga narinig kaya iniwan niya ang mga babaeng nag-uusap.

Napag-usapan naman sa grupo ng mga lalaking nag-uusap ang paglipat sa Maynila ng kura. Samantala, sinabi naman ni Tinyente Guevarra na hindi bibitayin si Ibarra, bagkus ay ipapatapon lamang. Nabanggit din niya ang kaso ng binata at pagkaraan ay binati si Maria. Dagdag pa ng Tinyente, nakatitiyak daw ng magandang kinabukasan ang dalaga. Ilang sandali pa'y nagpaalam na ang tinyente.

Si Maria naman ay nagtungo sa asotea. Nakita niya ang isang bangkang pasadsad sa may sadsaran ng kanilang bahay. Puno ng damo ang bangka at sakay nito ang dalawang lalaki, sina Elias at Ibarra. Itinakas pala ni Elias si Ibarra.

Dumaan lamang si Ibarra upang ipahayag ang kanyang damdamin kay Maria at bigyan ng laya ang kasintahan tungkol sa kanilang kasunduan. Dahil dito'y ipinagtapat ni Maria ang dahilan kung bakit siya pakakasal kay Linares.

Aniya, napilitan lamang siyang talikuran ang kanilang pag-iibigan alang-alang sa kanyang inang namayapa at sa dalawang amang nabubuhay pa. Pero hindi niya mahal si Linares kundi si Ibarra lamang daw ang tangi niyang mahal.

Mahigpit na niyakap at pinupog ng halik ni Ibarra si Maria Clara. Pagdaka'y lumundag muli ito sa pader at sumakay sa bangka.

Si Elias naman ay yumukod kay Maria at nagtanggap ng sumbrero saka sumagwang papalayo sa lumuluhang dalaga.

Talasalitaan:

- **Inilahad** – ipinahayag, sinabi
- **Lulan** – sakay
- **Nahihibang** – nababaliw
- **Namayapa** – namatay

Kabanata 61 – Ang Barilan sa Lawa

Sinabi ni Elias kay Ibarra na itatago niya ito sa bahay ng isang kaibigan sa Mandaluyong. Dagdag pa ni Elias, ibabalik niya ang pera ni Ibarra na itinago niya sa may puno ng balite sa libingan ng ninuno nito upang may magamit ang binata sa pagpunta nito sa ibang bansa. Aniya, nasa ibang lupain diumano ang katiwasayan ni Ibarra at hindi nababagay na manirahan sa Pilipinas sapagkat ang buhay niya ay hindi inilaan sa kahirapan.

Dahil dito’y inalok ni Ibarra si Elias na sumama na lang sa kanya tatal naman ay pareho na sila ng kapalaran. Kung magkagayon ay magtuturingan silang parang magkapatid. Ngunit ito ay tinanggihan ni Elias.

Napansin nilang nagkakagulo ang mga bantay ng mapadaan sila sa tapat ng palasyo. Agad na pinadapa ni Elias si Ibarra saka tinakpan ng maraming damo. Pinatigil sila ng polvorista ng mapadaan sila sa tapat nito.

Tinanong si Elias ng bantay kung saan ito nanggaling. Ang sagot ni Elias ay galing siya ng Maynila at rarasyunan niya ng damo ang hukom at ang kura.

Nakumbinsi ang bantay sa paliwanag ni Elias kaya pinatuloy niya ito sa pagsasagwan at binilinan na huwag magpapasakay dahil katatakas pa lamang ng isang bilanggo. Kung sakali naman daw na mahuli niya ito ay bibigyan siya ng gantimpala.

Ayon sa bantay ang bilanggong kanyang tinutukoy ay nakalebita at mahusay magsalita ng Kastila. Nagpatuloy sa pagsasagwan si Elias at pagdaka’y lumihis ng landas. Pumasok sila sa may ilog-Beatang inawit ni Balagtas upang akalaing siya ay taga-Peñafrancia.

Sa pampang ay itinapon ni Elias ang mga damo. Kinuha niya ang isang mahabang kawayan at ilang bayong saka muling sumagwan at ipinagpatuloy ang kanilang pagku-kwentuhan ni Ibarra. Maya-maya pa’y nakalabas na sila sa ilog-Pasig at nakarating sa may Sta. Ana.

Sa tapat ng bahay-bakasyunan ng mga heswitas ay napadaan ang kanilang bangka kaya hindi maiwasang manariwa sa isip ni Elias ang masasayang araw na tinamasa niya; may magulang, kapatid at magandang kinabukasan.

Nang sumapit sila sa malapad na bato at nang makita ng inaantok na bantay na wala siyang kasama at mahihingi dito ay pinaraan niya si Elias. Umaga na ng sapitin nila ang lawa.

Sa di-kalayuan nakita nila ang isang palwa ng mga sibil na papalapit sa kanila. Agad na pinahiga ni Elias si Ibarra at saka tinakpan ng bayong. Tinawag siya ng mga ito at halata na hinahadlangan sila sa baybayin.

Kaya naman agad ipinihit ni Elias ang bangka patungong Binangonan pero nagbago rin ng direksyon ang palwa. Naisip ni Elias na magbalik na lamang sa bunganga ng Ilog-Pasig.

Ngunit napag-isip-isip ni Elias na wala silang kalaban-laban sa mga ito. Ni wala silang dalang mga sandata. Kaya naman mabilis na naghubad ng damit si Elias saka sinabi na magkita na lamang sila sa noche buena sa libingan ng nuno ni Ibarra. Pagdaka'y tumayo si Elias at tumalon sabay sikad sa bangka.

Kay Elias nakatuon ang pansin ng mga sibil sa palwa. Pinaulanan nila ng punglo ang lugar na pinagtalunan niya. Sa tuwing lilitaw ito ay agad siyang pinapuputukan.

Hinapo na sa pagsasagwan ang mga humahabol kay Elias na may limampung dipa na lamang ang layo. Pagkalipas ng tatlong oras, napansin ng mga sibil na may bahid ng dugo sa tubig ng baybayin ng pampang kaya naman pinili na nilang umalis na lamang.

Talasalitaan:

- **Babariling-ibon** – madaling patayin
- **Ikinubli** – itinago
- **Itatwa** – talikuran
- **Nakatutulig** – nakabibingi
- **Nasusulasok** – nakakainis

Kabanata 62 – Ang Pagtatapat ni Padre Damaso

Kinaumagahan, kahit na maraming regalong nakabunton sa itaas ng hapag ay 'di naman ito pansin ni Maria Clara. Nakapako ang kanyang mga mata sa dyaryong nagbabalita tungkol sa pagkamatay o pagkalunod ni Ibarra. Ngunit hindi naman iyon binasa ng dalaga.

Ilang sandali pa'y dumating na si Padre Damaso na hinilingan kaagad ni Maria na sirain ang kasunduan ng kanyang kasal kay Linares at pangalagaan ang kapakanan ng ama.

Dagdag pa ng dalaga, ngayong patay na si Ibarra ay wala nang simumang lalaki ang kanyang pakakasalan dahil para sa kanya, dalawang bagay na lang ang mahalaga; ang kamatayan o ang kumbento.

Napag-isip-isip ng pari na paninindigan ni Maria Clara ang kanyang sinabi kaya naman humingi ito ng tawad sa kanya. Napaiyak pa ito ng malakas habang binibigyan diin ang walang kapantay na pagtingin niya kay Maria.

Wala namang nagawa ang pari kundi piliing pahintulutan ang dalaga na pumasok sa kumbento kaysa piliin ang kamatayan. Malungkot na umalis si Padre Damaso. Tumingala siya sa langit sabay bulong na totoo nga umanong may Diyos na nagpaparusa.

Hiniling niya sa Diyos na siya na lang daw ang parusahan kaysa ang anak niyang walang malay at nangangailangan ng kanyang kalinga. Ramdam ng pari ang labis na kalungkutan ng kanyang anak na si Maria Clara.

Talasalitaan:

- **Himutok** – daing
- **Inosente** – walang malay
- **Magpapatiwakal** – magpapakamatay
- **Malagim** – nakakatakot, nakapanghihilakbot
- **Misteryo** – himala

Kabanata 63 – Ang Noche Buena

May isang dampa na yari sa balu-baluktot na sanga ng kahoy ang nakatayo sa libis ng isang bundok. Nakatira doon ang mag-anak na Tagalog na nabubuhay dahil sa pangangaso at pangangahoy. Doon ay may isang batang lalaki at

batang babae ang naglalaro. Ang batang nakaupo sa nakabuwal na kahoy ay si Basilio na may sugat sa paa.

Nang utusan ng matanda ang apo nitong dalaga na ipagbili ang mga nagawa niyang walis, ikinuwento nito kay Basilio na may dalawang buwan na mula ng matagpuan niya itong sugatan at kalingain.

Dito na nagsimulang magsalaysay si Basilio tungkol sa kanilang buhay. Nang siya ay magpaalam umuwi, pinayagan naman siya ng matanda at pinagbaunan pa ng pindang na usa para sa kanyang ina na si Sisa.

Sa kabilang dako, noche Buena na noon sa bayan ng San Diego at malamig na ang simoy ng hanging amihan. Malungkot ang buong bayan 'di tulad noong nakaraang taon. Ni walang nakasabit na parol sa mga bahay.

Kahit sa bahay ni Kapitan Basilio ay malungkot din. Kausap niya noon si Don Filipino na napawalang-sala sa mga bintang na laban dito. Nakita nila si Sisa ngunit hindi naman siya nananakit ng kapwa.

Noon ay nakatanggap ng sulat si Sinang mula kay Maria Clara ngunit ayaw niya itong buksan dahil natatakot siya sa maaring mabasa. Lungkot na lungkot ang mga kaibigan nina Maria at Ibarra sa sinapit ng dalawa. Kumakalat naman ang balita na kaya nakaligtas si Kapitan Tiyago sa parusang bitay ay dahil kay Linares.

Samantala, nakarating na si Basilio sa kanyang bahay. Agad niyang hinanap ang ina ngunit wala siya doon. Pumunta siya sa bahay ng alperes at nakitang nandoon si Sisa na umaawit.

May isang babae sa durungawan na inutusan ang sibil na papanhikin si Sisa ngunit ng makita ni Sisa ang tanod ay nagtatakbo itong palayo.

Nakita ni Basilio ang mga pangyayari kaya sinundan niya ang ina. Sa daan habang tumatakbo ay binato si Basilio ng alilang babae sa ulo. Nasapul man ay 'di tumigil sa pagtakbo si Basilio hanggang sa makarating sila ng ina sa gubat.

Pumasok si Sisa sa pinto ng libingan ng matandang Kastila na nasa tabi ng punong balite. Pilit na binubuksan ito ni Basilio. Nakita niya ang isang sanga ng baliteng nakakapit sa kinaroroonan ng ina. Kaagad niya itong niyakap at pinaghahagkan hanggang sa mawalan ng ulirat.

Nang magkamalay si Sisa ay nakita niya ang duguang ulo ni Basilio. Pagdaka'y unti-unting nagbalik sa katinuan si Sisa at nakilala ang anak. Napatili ito ng malakas at biglang napahandusay sa ibabaw ni Basilio.

Nang ang ulirat naman ni Basilio ang magbalik at nakita ang ina ay kumuha ito ng tubig at winisikan sa mukha. Inilapit ni Basilio ang kanyang tainga sa dibdib ng ina at siya'y binalot ng matinding takot ng mapag-alamang patay na si Sisa.

Niyakap ng mahigpit ni Basilio si Sisa saka napaiyak ng malakas. Nang iangat niya ang kanyang ulo ay nakita niya ang isang lalaki na nakatingin sa kanila. Tumango siya ng tanungin ng lalaki kung anak siya ng namatay.

Ang lalaking kumakausap kay Basilio ay sugatan at tila hinang-hina kaya 'di niya matulungan si Basilio na ilibing ang kanyang ina. Dahil dito ay pinagbilinan niya ang bata na kumuha ng maraming tuyong kahoy at isalansan sa bangkay ng kanyang ina at pagkaraan sila ay silaban hanggang sa maging abo ang kanilang katawan.

Dagdag pa ng lalaki, may malaking kayamanan na nakabaon sa may puno ng balite at kung wala raw ibang taong dumating ay gamitin niya ang kayamanan sa kanyang pag-aaral.

Ang lalaking sugatan na kausap ni Basilio ay walang iba kundi si Elias. Dalawang araw na siyang hindi kumakain at tila hindi na rin magtatagal ang buhay.

Lumakad na si Basilio upang kumuha ng panggatong samantalang si Elias naman ay tumanaw sa dakong silangan at nagwika ng higit pa sa isang dalangin. Mamamatay daw siyang hindi nakikita ang pagbubukang-liwayway ng bayang kanyang minamahal. Dagdag pa niya, sa mga mapalad, huwag lamang daw limutin nang ganap ang mga nasawi sa dilim ng gabi. Sa pagkakatingala niya sa langit, siya'y kumibot hanggang sa unti-unting nabuwal sa lupa.

Nang magmamadaling-araw na ay nasaksihan ng buong bayan ng San Diego ang malaking sigang nagmumula sa may lugar na kinamatayan ni Sisa at Elias.

Dahil dito'y sinisi ni Manang Rufa ang gumawa ng siga na hindi raw marunong mangilin sa araw ng pagsilang ni Hesus.

Talasalitaan:

- **Dalangin** – panalangin

- **Dinaiti** – inilapit
- **Ibunton** – isalansan, tipunin
- **Pagkasindak** – pagkatakot

Kabanata 64 – Katapusan

Nanirahan na si Padre Damaso sa Maynila mula ng pumasok sa kumbento si Maria Clara. Kalaunan ay inilipat din siya ng Padre Provincial sa isang malayong probinsya.

Nagunit kinabukan, natagpuan siyang patay sa kanyang kwarto. Ayon sa pagsusuri ng doktor ay bangungot ang sanhi ng kamatayan ni Padre Damaso.

Habang hinihintay ang pagiging obispo, si Padre Salvi naman ay pansamantalang nanungkulan sa kumbento ng Sta. Clara na pinasukan ni Maria Clara. Siya’y umalis na rin sa San Diego at nanirahan na sa Maynila.

Ilang lingo bago maging ganap na mongha si Maria, ang ama-amahang si Kapitan Tiyago ay dumanas ng sapin-saping paghihirap ng damdamin, nangayayat nang husto, naging mapag-isip at nawalan ng tiwala kahit kanino.

Pagkagaling niya sa kumbento ay sinabihan niya si Tiya Isabel na umuwi na sa Malabon o kaya naman ay sa San Diego dahil gusto na niyang mabuhay mag-isa. Nilimot na ng Kapitan ang lahat ng santo at santa at inatupag na lamang ang paglalaro ng liyempo, sabong at paghitit ng marijuana. Nang lumaon ay napabayaang na nito ang sarili hanggang sa nalimot na din ang Kapitan na dating tanyag at iginagalang ng mga tao.

Sa kabilang dako, si Donya Victorina naman ay nagdagdag ng mga kulot sa ulo upang mapagbuti ang pagbabalatkayo niyang siya’y isang taga-Andalucia. Nangungutsero na siya ngayon. Di na niya pinakikilos ang asawang si Don Tiburcio. Nakasalamin na ito, wala na ring ngipin at hindi na natatawag na “doktor” para manggamot.

Talasalitaan:

- **Kumbento** – simbahan
- **Mongha** – madre, kasapi ng isang relihiyosong komunidad ng kababaihan na namumuhay sa ilalim ng mga panatang nauukol sa karukhaan, kabanalan, at pagsunod

- **Pinipintakasi** – pinagdiriwang o kaya'y kapistahan ng mga santo at santa
- **Takip-silim** – panahon pagkatapos lumubog ang araw at nagsisimula nang dumilim
- **Balatkayo** – mapagkunwari, mapagkaila, at mapangloko ng isang tao